



**San Francisco
Department of Public Health**

**San Francisco
Behavioral Health Services
Drug Medi-Cal Organized
Delivery System
Handbook Ng Benepisyaryo
Mga Serbisyo para sa mga
May Substance Use Disorder
(SUD)**

**1380 Howard St
San Francisco, CA 94103**

Petsa ng Pagbabago: Disyembre 28, 2023

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Enero 1, 2024¹

¹ The handbook must be provided at the time the beneficiary first accesses services.

LANGUAGE TAGLINES

English Tagline

ATTENTION: If you need help in your language call [1-888-246-3333] (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call [1-888-246-3333] (TTY: 711). These services are free of charge.

الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ [1-888-246-3333] (TTY: 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريـل والخط الكبير. اتصل بـ [1-888-246-3333] (TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian)

Ուշադրություն: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք [1-888-246-3333] (TTY: 711): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք [1-888-246-3333] (TTY: 711): Այդ ծառայություններն անվճար են:

ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ [1-888-246-3333] (TTY: 711)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ [1-888-246-3333] (TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 [1-888-246-3333] (TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 [1-888-246-3333] (TTY: 711)。这些服务都是免费的。

مطلب به زبان فارسی (Farsi)

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با [1-888-246-3333] (TTY: 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با [1-888-246-3333] (TTY: 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो [1-888-246-3333] (TTY: 711) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। [1-888-246-3333] (TTY: 711) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau [1-888-246-3333] (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau [1-888-246-3333] (TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は [1-888-246-3333] (TTY: 711)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 [1-888-246-3333] (TTY: 711)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 [1-888-246-3333] (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. [1-888-246-3333] (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໃຫ້ທາງເບີ [1-888-246-3333] (TTY: 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມິໂຕໂຟມໃຫຍ່ ໃຫ້ໃຫ້ທາງເບີ [1-888-246-3333] (TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiex longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux [1-888-246-3333] (TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzaih bun longc. Douc waac daaih lorx [1-888-246-3333] (TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ [1-888-246-3333] (TTY: 711). ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਦੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ [1-888-246-3333] (TTY: 711)। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।



Русский слоган (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру [1-888-246-3333] (линия ТТУ: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру [1-888-246-3333] (линия ТТУ: 711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al [1-888-246-3333] (TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al [1-888-246-3333] (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog Tagline (Tagalog)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa [1-888-246-3333] (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa [1-888-246-3333] (TTY: 711). Libre ang mga serbisyo ito.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข [1-888-246-3333] (TTY: 711) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข [1-888-246-3333] (TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер [1-888-246-3333] (TTY: 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер [1-888-246-3333] (TTY: 711). Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số [1-888-246-3333] (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số [1-888-246-3333] (TTY: 711). Các dịch vụ này đều miễn phí.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

TALAN NG NILALAMAN

IBA PANG WIKA AT FORMAT	5
PAUNAWA UKOL SA KAWALAN NG DISRKIMINASYON	8
PANGKALAHATANG IMPORMASYON	11
MGA SERBISYO	16
PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO NG DRUG MEDI-CAL ORGANIZED DELIVERY SYSTEM	27
KUNG PAANO MAKAKAKUHA NG NG SERBISYO SA MENTAL NA KALUSUGAN.....	32
PAMANTAYAN NG PAG-ACCESS AT PANGANGAILANGANG MEDIKAL.....	33
PAGPILI NG PROVIDER.....	35
ANG KARAPATAN MONG MAKA-ACCESS NG MGA MEDIKAL NA REKORD AT IMPORMASYON NG DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE	38
PAUNAWA NG PAGPASIYA SA SALUNGAT NA BENEPISYO	39
MGA PROSESO NG PAGLUTAS SA PROBLEMA.....	43
ANG PROSESO NG REKLAMO	45
ANG PROSESO NG PAG-APELA (KARANIWAN AT PINABILIS)	48
ANG PROSESO NG MAKATARUNGANG PAGDINIG NG ESTADO.....	54
MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMA NG MEDI-CAL	58
ADVANCE DIRECTIVE.....	61
KARAPATAN AT MGA RESPONSABILIDAD NG MGA BENEPISYARYO	63
TRANSISYON NG PANGANGALAGA.....	67



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

IBA PANG WIKA AT FORMAT

Iba Pang Wikang

Maaari ninyong makuha ang Handbook ng Benepisyaryo na ito at iba pang mga materyales ng plano sa iba pang wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-888-246-3333 (TTY: 711). Libre ang tawag na ito. Benepisyaryo Basahin ang Handbook ng Benepisyaryo na ito para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika sa pangangalaga ng kalusugan, tulad ng mga serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin.

Iba Pang Format

Maaari ninyong makuha ang impormasyong ito sa iba pang format, tulad ng braille, naka-print sa titik na 20-point ang laki, audio, at madaling ma-access na elektronikong format nang walang bayad. Tumawag sa 1-888-246-3333 (TTY: 711). Libre ang tawag na ito.

Serbisyo ng Interpreter

Nagbibigay ang San Francisco Behavioral Health Services ng serbisyo ng berbal na interpretasyon mula sa isang kwalipikadong interpreter, sa loob ng 24 na oras, nang walang bayad. Hindi mo kailangang gumamit ng isang kapamilya o kaibigan bilang interpreter. Mangyaring



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

iwasang gumamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter, maliban kung isa itong emergency. Available ang mga serbisyo ng interpreter, panglingwistika at pangkultura nang walang bayad. May makukuhang tulong sa loob ng 24 na oras kada araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa San Francisco Behavioral Health Services sa 1-888-246-3333 (TTY 711). Libre ang tawag na ito.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

PAUNAWA UKOL SA KAWALAN NG DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng San Francisco Behavioral Health Services ang Pang-estado at Pederal na mga batas sa karapatang sibil. Ang San Francisco Behavioral Health Services ay hindi nagsasagawa ng labag sa batas na diskriminasyon, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang naiiba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang angkan, bansang pinanggalingan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon.

Ang San Francisco Behavioral Health Services ay nagbibigay ng:

- Libreng mga tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matulungan silang makipag-ugnayan nang mas mahusay, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong sign language interpreter,
 - Nakasulat na impormasyon sa ibang format (malalaking titik, braille, audio o mga elektronikong format).
- Libreng mga serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter,
 - Impormasyong nakasulat sa ibang wika.

Kung kailangan mo ang mga serbisyonang ito, kontakin ang Behavioral Health Access Center, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-246-3333. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711. Kapag hiniling, puwedeng makuha ang dokumentong ito sa braille, malalaking titik, o sa elektronikong format na madaling ma-access.

KUNG PAANO MAGHAIN NG REKLAMO

Kung naniniwala kang ang San Francisco Behavioral Health Services ay *nabigong ibigay ang mga serbisyo o labag sa batas na nadiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang angkan, pinanggalingan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon*, puwede kayong maghain ng reklamo sa San Francisco Behavioral Health Services. Puwede kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, sa pagsulat, o sa personal:



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono: Kontakin ang Behavioral Health Access Center, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-246-3333. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711.
- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:
San Francisco Behavioral Health Services
Grievance/Appeal Office
1380 Howard Street, 2nd Floor
- **San Francisco, CA 94103**
- Sa personal: Pumunta sa tanggapan ng iyong provider o sa Behavioral Health Access Center at sabihin na gusto mong maghain ng reklamo.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS –California Department of Health Care Services

- Maaari ka ring maghain ng reklamo ukol sa karapatang sibil sa California Department of Health Care Services, Office of Civil Rights sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, sa pagsulat o sa elektronikong paraan Sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka nakapagsasalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **711 (California State Relay)**.
- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413

Makukuha ang mga form ng reklamo sa:
<https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures>
- Elektronikong paraan: Mag-email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Kung naniniwala kang nakaranas ka ng diskriminasyon base sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, edad, kapansanan, o kasarian, puwede ka ring maghain ng reklamo ukol sa karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights, sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, sa pagsulat o sa elektronikong paraan.

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka nakapagsasalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ang sulat sa:
**U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201**
- Makukuha ang mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.
- Elektronikong paraan: Pumunta sa Office for Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

KUNG PAANO SINISIKAP NG COUNTY NG SAN FRANCISCO NA PASULUNGIN ANG PANGANGALAGA SA PAMAMAGITAN NG DMC-ODS

Malugod namin kayong tinatanggap habang ina-access ninyo ang mga serbisyo ng Medi-Cal para sa paggamot ng substance use disorder. Sa pamamagitan ng paglahok sa California Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS), sinisikap ng ng Lungsod at County ng San Francisco na baguhin ang pagpapatuloy ng pangangalaga ng Behavioral Health Services (BHS) para sa substance use disorder (karamdaman ng mula sa paggamit ng droga, SUD) upang maitaguyod ang kapakanan at paggaling ng mga indibidwal na may mga substance use disorder at iba pang nauugnay na karamdaman. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagpapasulong ng access sa de-kalidad, matipid, sustainable na paggamot sa SUD at mga serbisyo sa transisyonal na pangangalaga. Pinahahalagahan ng BHS ang sumusunod na aspekto ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali na kaayon ng Panimulang pamamaraan sa pangangalaga ng DMC-ODS:

1. Isang sistema ng pangangalaga na ayon sa trauma na nagtataguyod ng kapakanan at katatagan para sa lahat ng nasa sistema, mula sa mga kliyente namin hanggang sa mga kawani na nagseserbisyo sa kanila;
2. Ang kasanayan ng kultural na kapakumbabaan kung saan gumagawa tayo ng di-pabago-bagong pagtuon sa pag-unawa sa iba't ibang kultura at pagpopokus sa sariling kapakumbabaan, na nagpapanatili ng pagiging bukas sa kultural na pagkakakilanlan ng isa, at pagkilala na tayong lahat ay may sariling sistema ng paniniwala/pinahahalagahan, pinapanigan, at mga pribilehiyo sa ating trabaho;
3. Whole Person Care kung saan parehong ginagamit ang pangangalaga sa pag-uugali at pisikal na pangangalaga sa kliyente kasama ang pagtatasa sa mga pangangailangan ng tinukoy na pamilya ng kliyente at iba pang mahahalagang relasyon;
4. Mga kasamahan na nakaranas ng mga hamon sa kalusugan ng pag-uugali at ipinakita sa iba ang empatya at pagbibigay-lakas sa paggaling, gayundin ang



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online


<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

pagbibigay-inspirasyon at pagbabahagi ng karanasan nila para lumikha ng isang sistema na tunay na nakatuon sa paggaling;

5. Pagpapahalaga sa lahat ng kliyente na humihingi ng mga serbisyo namin;
6. Magkatulong na pagpapasiya sa pagbibigay ng pinamahasay na posibleng iniugnay na pangangalaga, kung saan nagtutulungan ang mga kliyente at mga provider nila bilang bahagi ng team para magkasamang makagawa ng mga desisyon sa pangangalaga.

Inaalok ng DMC-ODS sa San Francisco ang oportunidad na bawasan ang mga di-pagkakapantay-pantay sa ekonomiya at pagiging di-patas sa kalusugan sa pamamagitan ng pagpapasulong ng access sa de-kalidad, epektibong serbisyo ng paggamot sa SUD, na may kabuuang layunin ng sistema na bawasan ang mga pagpunta sa emergency room at paggamit ng mahal na serbisyo sa paggamot.

 Mahalagang Numero ng Telepono	
Emergency	911
24/7 Behavioral Health Access Line	(888) 246-3333 (415) 255-3737 TTY: 711
Mga Komprehensibong Serbisyo sa Krisis - Child Crisis Mobile Crisis Treatment Team	(415) 970-3800 (415) 970-4000
ZSFG Psychiatric Emergency Services	(415) 781-0500
Westside Community Crisis	(415) 355-0311
San Francisco Suicide Prevention Crisis Line	(415) 781-0500
Grievance/Appeal Office	(415) 255-3632
Patients' Rights Advocates	(800) 729-7727 (415) 552-8100



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Bakit Mahalagang Basahin ang Handbook na Ito?

Benepisyaryo Mahalaga na maintindihan mo kung paano gumagana ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System na plano ng county para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Ipinapaliwanag ng handbook na ito ang iyong mga benepisyo at kung paano ka makakakuha ng pangangalaga. Masasagot din nito ang marami sa iyong mga katanungan:

Matutunan mo:

- Kung paaano tumanggap ng mga serbisyo ng paggamot sa karamdaman ng paggamit ng droga sa pamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county,
- Kung anong mga benepisyo ang maaari mong makuha,
- Kung ano ang gagawin kung mayroon kang katanungan o problema,
- Ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang isang Benepisyaryo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.

Kung hindi mo babasahin ang handbook na ito ngayon, itabi ang handbook nang mabasa mo ito sa ibang panahon. Gamitin ang handbook na ito bilang isang karagdagan sa handbook ng Benepisyaryo na natanggap mo nang mag-enroll ka sa kasalukuyan mong benepisyo ng Medi-Cal. Ang iyong benepisyo ng Medi-Cal ay maaaring may kasamang managed care plan o regular na “Bayad para Sa Serbisyo” na programa ng Medi-Cal.

Bilang Benepisyaryo ng Iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county Plan, Ang Iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county Ay

Responsible Para:

- Matukoy kung nakamit mo ang pamantayan para sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System mula sa county o network ng provider nito.
- Pakikipag-ugnayan ng iyong pangangalaga sa ibang plano o sistema ng delivery kung kailangan para mapadali ang Pagbabago ng pangangalaga at gabayan ang



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

mga referral para sa mga Benepisyaryo, na tininityak na hindi magpapaulit-ulit ang referral, at tatanggapin ng bagong provider ang pangangalaga sa Benepisyaryo.

- Pagbibigay ng libreng numero na may sumasagot ng 24 na oras sa isang araw at 7 araw sa isang linggo na makapagsasabi sa iyo kung paano makakakuha ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Maaari mo ring kontakin ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county sa 1-888-246-3333 para malaman ang pagiging available ng pangangalaga na lagpas sa normal na mga oras.
- Pagkakaroon ng sapat na mga provider sa malapit sa iyo nang matiyak na maaari kang makakuha ng mga serbisyo ng paggamot sa karamdaman ng paggamit ng droga na sakop ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county kung kailangan mo ang mga ito.
- Pagpapaalam at pagtuturo tungkol sa mga serbisyo na available mula sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.
- Pagtatakda ng serbisyo sa iyong wika o ng isang interpreter (kung kinakailangan) na libre at pagpapaalam sa iyo na available ang serbisyo ng mga interpreter na ito.
- Pagbibigay ng nakasulat na impormasyon sa kung ano ang available para sa iyo at sa ibang mga wika at format. Nag-aalok ang San Francisco ng mga materyal ng Plan sa English, Chinese, Russian, Spanish, Tagalog, Vietnamese, at kinakailangang pantulong at serbisyo.
- Pagbibigay sa iyo ng paunawa ng anumang mahalagang pagbabago sa impormasyon na tinukoy sa handbook na ito ng di-bababa sa 30 araw bago ang nilalayong petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabago. Ang pagbabago ay ituturing na mahalaga kapag may dagdag o bawas sa halaga o uri ng serbisyo na available, o kung may dagdag o bawas sa bilang ng mga network provider, o kung may anumang iba pang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyong natatanggap mo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Tinitiyak na mayroong kang patuloy na pag-access sa dati at kasalukuyang labas ng network na provider sa loob ng isang takdang panahon kung ang pagbabago ng mga provider ay magiging dahilan sa pagdudurusa ng iyong kalusugan, o tumaas ang iyong panganib ng pagkakaospital.

BenepisyaryoMangyaring tumawag sa libreng Access Line ng Behavioral Health sa: 1-888-246-3333 (TTY: 711).

Impormasyon para sa mga Benepisyaryo na Kailangan ng mga Materyale sa Ibang Wika

Sa mga miyembrong kailangan ng mga materyal sa ibang wika, mangyaring tumawag sa libreng Access Line ng Behavioral Health sa: 1-888-846-3333 (TTY: 711).

Impormasyon para sa mga Benepisyaryo na Nahihirapang Magbasa

Sa mga miyembrong nahihirapang magbasa, mangyaring tumawag sa libreng Access Line ng Behavioral Health sa: 1-888-246-3333 (TTY: 711).

Impormasyon para sa mga Benepisyaryo na may Kapansanan sa Pandinig

Sa mga miyembrong may kapansanan sa pandinig, mangyaring tumawag sa libreng Access Line ng Behavioral Health sa: 1-888-246-3333 (TTY: 711).

Impormasyon para sa mga Benepisyaryo na may Kapansanan sa Paningin

Puwedeng kontakin ng mga miyembrong may kapansanan sa paningin ang Department of Public Health, Behavioral Health Services Cultural Competency Coordinator sa BHS-JEDI@sfdph.org. para sa mga sanggunian ng serbisyo sa brail, kasama ang pagsasaayos ng pagbabasa ng mga materyal para sa mga kliyente.

Paunawa ng mga Gawain sa Pribasiya

Patakarán sa Pribasiya ng San Francisco Department of Public Health:

<https://www.sf.gov/resource/2023/dph-privacy-policies>



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

MGA SERBISYO

Ano ang mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county?

Ang mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay mga serbisyo ng pangangalaga ng kalusugan para sa mga taong may kondisyon sa paggamit ng droga o, sa ibang kaso, ay nanganganib ng pagkakaroon ng kondisyon ng paggamit ng droga na malamang na hindi magamot ng pediatrician o ng general practitioner. Maaari mong konsultahin ang “Screening, Brief Intervention, Referral to Treatment and Early Intervention Services” (Pagsusuri, Maikling Interbensyon, Pagrefer sa Paggamot at mga Serbisyo ng Maagang Interbensyon) na seksyon ng paunawang ito para sa karagdagang impormasyon.

Kasama sa mga serbisyo Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ang mga:

- Serbisyo ng Paggamot na Outpatient
- Intensibong Serbisyo ng Paggamot na Outpatient
- Mga Serbisyo ng Residensyal na Paggamot
- Mga Serbisyo ng Opioid (Narcotic) Treatment Program
- Mga Serbisyo ng Pamamahala ng Withdrawal
- Mga Gamot Para Sa Paggamot Ng Adiksiyon (Medications for Addiction Treatment, MAT)
- Serbisyo para sa Pagpapagaling
- Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga
- Contingency Management
- Mobile Crisis

Makukuha ang mga serbisyo na inaalok ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county sa pagtawag o telehealth, maliban sa mga medikal na pagsusuri para sa mga Serbisyo ng Paggamot sa Narkotiko at Pamamahala ng Withdrawal. Ang mga Serbisyo ng Bahagyang Pagkakaospital at mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahana ay



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

available lang sa mga adulto sa ilang county, pero hindi sa San Francisco. Kung gusto mo pang malaman ang tungkol sa serbisyo Drug Medi-Cal Organized Delivery System na maaari mong makuha, tignan ang mga deskripsyon sa ibaba:

Serbisyo ng Paggamot na Outpatient

- Serbisyo ng pagpapayo na ibinibigay sa mga benepisyaryo hanggang sa siyam na oras sa isang linggo para sa mga adulto at kulang-kulang anim na oras bawat linggo para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taon kapag medikal na kinakailangan. Maaaring lumampas ang mga Serbisyo sa maximum base sa indibidwal na pangangailangang medikal. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong counselor sa anumang angkop na kaayusan sa komunidad nang harapan o sa telepono o sa telehealth.
- Kasama sa mga Serbisyon Pang-Outpatient ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, therapy sa pamilya, serbisyo ng pagbibigay ng gamot, Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon sa karamdaman ng paggamit ng opioid, Gamot Para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa karamdaman ng paggamit ng alkohol at iba pang substance use disorder na hindi opioid, pagtuturo sa pasyente, serbisyo para sa pagpapagaling, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis sa karamdaman ng paggamit ng droga.
- Limitado ang laki ng grupo sa di-bababa sa dalawa (2) at di-hihigit sa labindalawang (12) benepisyaryo.

Intensibong Serbisyo na Outpatient

- Ibinibigay ang Intensibong Serbisyo na Outpatient sa mga benepisyaryo na may minimum na siyam na oras na may maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taon kapag natukoy na ito ay isang pangangailangang medikal. Kasama sa mga serbisyo ang pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga kaugnay na problema ng adiksiyon. Ang mga Serbisyo ay maaaring maibigay ng isang lisensyadong propesyonal o sertipikadong



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

counselor sa isang kapaligirang may estruktura. Maaaring ibigay ang Intensibong Serbisyo ng Paggamot na Outpatient sa personal, telehealth o telepono.

- Ang Intensibong Serbisyo na Outpatient ay mayroong parehong nilalaman gaya ng Serbisyo na Outpatient. Ang mas mataas na bilang ng mga oras ng serbisyo ang pangunahing kaibahan.

Residensyal na Paggamot (kailangan ng pahintulot ng county)

- Ang Residensyal na Paggamot ay di-institusyon, 24 na oras na di-medikal, panandaliang residensyal na programa na nagbibigay ng mga serbisyo ng rehabilitasyon sa mga benepisyaryong na-diagnose na may substance use disorder kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Ang benepisyaryo ay maninirahan sa pasilidad at susuportahan sa kanilang mga pagsisikap na mapanumbalik, mapanatili, at maikapit ang interpersonal at independyenteng kasanayan sa pamumuhay, at i-access ang mga sistema ng suporta sa komunidad. Ibinibigay nang personal ang karamihan sa mga serbisyo; gayunman, maaari ring gamitin ang telehealth at telepono para ibigay ang mga serbisyo habang nasa residensyal na paggamot ang indibidwal. Nagtutulungan ang mga provider at residente para tukuyin ang mga hadlang, itakda ang mga priyoridad, itatag ang mga layunin, at lutasin ang mga problemang nauugnay sa substance use disorder. Kasama sa mga layunin ang pagpapanatili ng hindi paggamit, paghahanda para sa mga mitsa para mag-relapse, pagpapabuti sa personal na kalusugan at pakikihalubilo sa iba, at pakikibahagi sa nagpapatuloy na pangangalaga.
- Nangangailangan ang mga residensyal na serbisyo ng paunang pahintulot ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.
- Kasama sa mga Residensyal na Serbisyo ang intake at pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, therapy sa pamilya, mga serbisyo para sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa karamdaman mula sa paggamit ng alak at iba pang hindi opioid na substance use disorder,



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo para sa paggaling, at mga serbisyo para sa interbensyon sa krisis ng substance use disorder.

- Inaatasan ang mga provider ng mga Residensyal na Serbisyo na mag-alok ng mga gamot para sa paggamot ng adiksiyon sa site mismo o pangasiwaan ang pag-access sa mga gamot para sa paggamot ng adiksiyon na hindi sa site habang isinasagawa ang residensyal na paggamot. Hindi natutugunan ng mga provider ng Residensyal na Serbisyo ang kahilingang ito sa pamamagitan lang ng pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga gamot para sa mga provider ng paggamot sa adiksiyon. Inaatasan ang mga provider ng Residensyal na Serbisyo na mag-alok at magresetang mga gamot sa mga benepisyaryo na saklaw ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

Opioid (Narcotic) Treatment Program

- Ang Opioid (Narcotic) Treatment Program ay mga outpatient program na nagbibigay ng mga drogang aprubado ng FDA para gamutin ang substance use disorder kapag ipinag-utos ng isang doktor bilang medikal na kinakailangan. Inaatasan ang mga Opioid (Narcotic) Treatment Program na mag-alok at magresetang mga gamot sa mga benepisyaryo na saklaw ng formulary ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System kasama ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Ang benepisyaryo ay dapat na inalok, sa minimum, ng 50 minuto ng mga sesyon ng pagpapayo kada buwan sa kalendaryo. Pwedeng ibigay ang mga serbisyo ng pagpapayo na ito nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono. Kasama sa Opioid (Narcotic) Treatment Service ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, therapy sa pamilya, medikal na psychotherapy, mga serbisyo para sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa karamdaman mula sa paggamit ng alak at iba pang hindi opioid na substance use disorder, pagtuturo sa pasyente, mga



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

serbisyo para sa paggaling, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis sa substance use disorder.

Pamamahala sa Withdrawal

- Ang mga serbisyo ng pamamahala sa withdrawal ay agaran at ibinigay nang panandalian. Pwedeng ibigay ang mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal bago makumpleto ang buong pagtatasa at maaaring ibigay sa outpatient, residensyal, o inpatient na kaayusan.
- Anuman ang uri ng kaayusan, susubaybayan ang benepisyaryo sa proseso ng pamamahala sa withdrawal. Ang mga benepisyaryong tumatanggap ng pamamahala sa withdrawal sa residensyal o inpatient na kaayusan ay dapat manirahan sa pasilidad. Ang medikal na kinakailangan na habilitative at rehabilitative na mga serbisyo ay irereseta ng isang lisensyadong doktor o lisensyadong tagapagbigay ng reseta.
- Kasama sa Mga Serbisyo ng Pamamahala sa Withdrawal ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, mga serbisyo para sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon para sa opioid use disorder, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon para sa karamdaman mula sa paggamit ng alak at iba pang hindi opioid na substance use disorder, obserbasyon, at mga serbisyo para sa paggaling.

Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon

- Available ang Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon sa klinikal at di-klinikal na kaayusan. Kasama sa Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon ang lahat ng gamot at biyolohikal na produkto na aprubado ng FDA para gamutin ang karamdaman mula sa paggamit ng alak, opioid use disorder, at anumang substance use disorder. May karapatan ang mga benepisyaryo na alukin ng Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon sa site mismo o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Kasama sa listahan ng aprubadong gamot ang:
 - Acamprosate Calcium
 - Buprenorphine Hydrochloride



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Buprenorphine Extended-Release Injectable (Sublocade)
 - Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
 - Naloxone Hydrochloride
 - Naltrexone (oral)
 - Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
 - Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
 - Disulfiram (Antabuse)
 - Methadone (ide-deliver ng Narcotic Treatment Programs)
- Maaaring ibigay ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon sa sumusunod na mga serbisyo: pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, mga serbisyo para sa gamot, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo para sa paggaling, mga serbisyo ng interbensyon sa krisis ng substance use disorder, at mga serbisyo ng pamamahala sa withdrawal. Maaaring ibigay ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon bilang bahagi ng lahat ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, kasama ang Mga Serbisyo ng Outpatient na Paggamot, Intensibong Outpatient na Serbisyo, at Residensyal na Paggamot, bilang halimbawa.
 - Maaari ring i-access ng mga benepisyaryo ang Mga Gamot para sa Paggamot ng Adiksiyon sa labas ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Halimbawa, ang mga gamot para sa paggamot ng adiksiyon, gaya ng buprenorphine, ay puwedeng ireseta ng ilang tagapagbigay ng reseta sa mga kaayusan ng pangunahing pangangalaga na nakikipagtulungan sa iyong Medi-Cal Managed Care Plan (ang regular na programa ng Medi-Cal na “Bayad para sa Serbisyo”) at puwedeng ipamahagi o ibigay ng botika.

Mga Serbisyo para sa Paggaling

- Maaaring maging mahalaga ang mga Serbisyo para sa Paggaling sa iyong paggaling at kapakanan. Matutulungan ka ng mga Serbisyo para sa Paggaling na kumonekta sa komunidad ng paggamot para mapamahalaan ang iyong kalusugan at pangangalaga ng kalusugan. Kaya naman, itinatampok ng serbisyong ito ang iyong papel sa pamamahala ng iyong kalusugan, gamit ang



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

mga estraterhiya sa epektibong pamamahala sa sarili, at pag-oorganisa ng panloob at pangkomunidad na sanggunian para magbigay ng patuloy na suporta para sa pamamahala sa sarili.

- Maaari mong matanggap ang mga Serbisyo para sa Paggaling base sa iyong sariling pagtatasa o pagtatasa ng provider sa panganib na mag-relapse. Maaaring ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Kasama sa mga Serbisyo para sa Paggaling ang pagtatasa, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo sa indibidwal, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, pagsubaybay sa paggaling, at mga bahagi para mapigilan ang pag-relapse.

Koordinasyon ng Pangangalaga

- Ang mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga ay binubuo ng mga aktibidad para magbigay ng koordinasyon ng pangangalaga para sa substance use disorder, pangangalaga sa mental na kalusugan, at medikal na pangangalaga, at para magbigay ng mga koneksyon sa mga serbisyo at suporta para sa kalusugan mo. Ibinibigay ang Koordinasyon ng Pangangalaga sa lahat ng serbisyo at puwedeng mangyari sa klinikal o di-klinikal na kaayusan, kasama dito ang sa iyong komunidad.
- Kasama sa mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga ang koordinasyon sa medikal at mental na provider para subaybayan at suportahan ang mga kondisyon sa kalusugan, pagpapalano sa pag-discharge, at koordinasyon sa pantulong na serbisyo kasama na ang pag-uugnay sa iyo sa mga serbisyo sa loob ng komunidad gaya ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

Contingency Management (naiiba sa bawat county)

- Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taon ay maaring maging karapat-dapat sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot (Early and



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment) na hindi alintana kung saang county nakatira.

- Opsyonal ang pagbibigay ng mga Serbisyo ng Contingency Management para sa kalahok na mga county. Kasali ang San Francisco County sa pilot na may limitadong bilang ng mga programa.
- Ang Serbisyo ng Contingency Management ay isang paggamot na base sa ebidensya para sa stimulant use disorder kung saan ang mga karapat-dapat na benepisyaryo ay sasali sa isang nakabalangkas na pang-24 na linggong outpatient na Serbisyo ng Contingency Management, na susundan ng anim na buwan o mahigit pa na karagdagang paggamot at serbisyo ng suporta ng pagpapagaling na walang insentibo.
- Ang pangunahing 12 na linggo ng Serbisyo ng Contingency Management ay nagsasama ng serye ng mga insentibo para makamit ang mga layunin ng paggamot, sa partikolar ang hindi paggamit ng stimulant (tulad ng cocaine, amphetamine, at methamphetamine) na mapapatunayan sa pagsagawa ng drug test ng ihi. Ang insentibo ay pera na katumbas (tulad ng gift cards)
- Available lang ang Serbisyo ng Contingency Management para sa mga benepisyaryo na tumatanggap ng mga serbisyo sa isang hindi residensyal na lugar na pinatatakbo ng isang kalahok na provider at kasali at kalahok sa isang komprehensibo, pang-indibidwal na kurso ng pagpapagamot.

Serbisyo ng Mobile Crisis (naiiba sa bawat county)

- Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taon ay maaaring karapat-dapat para sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot na hindi alintana kung saang county nakatira.
- Available ang Serbisyo ng Mobile Crisis kung ikaw ay dumaranas ng krisis sa mental na kalusugan at/o substance use disorder (“krisis ng kalusugan ng pag-uugali”).
- Ang mga Serbisyo ng Mobile Crisis ay mga serbisyong ibinigay ng mga propesyonal ng kalusugan sa lokasyon kung saan ka dumaranas ng krisis,



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

kasama ang iyong bahay, trabaho, paaralan, o sa iba pang lokasyon, kasama ang ospital o iba pang pasilidad. Available ang serbisyo ng Mobile Crisis sa loob ng 24 na oras, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa buong taon.

- Kasama sa mga Serbisyo ng Mobile Crisis ang mabilis na pagtugon, pagsusuri sa indibidwal at mga pagtatatag na base sa komunidad. Kung kailangan ng iba pang pangangalaga, ang mga mobile provider ay maaaring magsagawa ng mga warm handoff o referral sa iba pang serbisyo.
- Ang San Francisco Behavioral Health Services ay may Comprehensive Crisis Services (CCS) na nagti-triage ng mga tawag at nagreresponde sa mga tawag may kinalaman sa krisis sa field. Ang mga field team ay binubuo ng dalawang indibidwal, kung saan ang isa ay lisensyadong waiver clinician at ang isa naman ay health worker.
- Nag-aalok ang CCS ng mga serbisyong may kakayahan sa iba't ibang etniko at wika, kasama na ang mga wika sa hangganan ng county: Spanish, Cantonese, Mandarin, Russian, at Tagalog. Available ang iba pang wika sa pamamagitan ng mga serbisyo ng interpreter sa pagtawag sa telepono o in-person.
- Nagsasagawa ang mga kawani ng CCS ng mga estratehiya sa pagbabawas ng pinsala na base sa trauma.
- Ang CCS ay may kolaborasyon at koordinasyon sa mga provider na sangkot sa pangangalaga sa benepisyaryo at sa mga pasilidad na tumatanggap at nagpapatatag may kinalaman sa krisis kung kinakailangan.
- May access ang CCS sa mga elektronikong rekord ng kalusugan para masuri ang mga tsart ng benepisyaryo para sa kasaysayan at magbigay ng impormasyon para sa mga nasa pangangalaga namin.

Pagsusuri, Pagtatasa, Maikling Interbensyon at Referral sa Paggamot

Ang Pagsusuri para sa Droga, Pagtatasa, Maikling interbensyon at Referral sa Paggamot ay hindi isang benepisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ito ay isang benepisyo ng Medi-Cal Fee-for-Service at at Medi-Cal managed care plan para sa mga benepisyaryo na edad 11 taon o mas matanda. Dapat magbigay ang mga



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

managed care plan ng sakop na serbisyo para sa substance use disorder, kasama ang pagsusuri, pagtatasa, maikling interbensyon, at referral sa paggamot (screening, assessment, brief interventions, referral to treatment, SABIRT) para sa paggamit ng alak o droga sa mga benepisyaryo na edad 11 taon at mas matanda.

Mga Serbisyo ng Maagang Interbensyon

Ang maagang interbensyon ay serbisyo na sinasakop ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taon. Sinumang benepisyaryo na wala pang 21 taon na nasuri at natukoy na nasa panganib ng pagkakaroon ng substance use disorder ay maaaring makatanggap ng serbisyo na sakop sa ilalim ng outpatient na antas ng serbisyo bilang serbisyo ng maagang interbensyon. Ang diagnosis ng substance use disorder ay hindi kinakailangan para sa maagang serbisyo ng interbensyon para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taon.

Early Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment (Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot)

Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taon ay karapat-dapat na makakuha ng serbisyo gaya ng tinukoy sa handbook na ito pati na rin ang karagdagang mga serbisyo mula sa Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyaryo na tinatawag na Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot. Para maging karapat-dapat para sa serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot, ang benepisyaryo ay dapat na wala pang 21 taon at may buong sakop ng Medi-Cal. Ang serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot ay sinasakop ang mga serbisyo na medikal na kinakailangan para itama o makatulong sa mga depekto sa pisikal na kalusugan at kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyo na napapanatili, sinusuportahan, pinapahusay, o pinapaghinhawa ang mga kondisyon at sinasakop bilang serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot. Ang batayan ng pag-access para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taon ay naiiba at mas flexible kaysa sa batayan ng pag-access para sa mga adulto na



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

kumukuha ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, para makamit ang mandato ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot at ang intensyon para sa prebensyon at maagaing interbensyon ng mga kondisyon ng substance use disorder.

Kung may mga katanungan ka tungkol sa serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot, tumawag 1-888-246-3333 (TTY:711) o bumisita sa [DHCS Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment webpage](#).

Mga Serbisyo para sa Substance Use Disorder na Available mula sa Managed Care Plan O “Regular” Medi-Cal “Fee for Service” Program

Ang managed care plan ay dapat magbigay ng sakop na mga serbisyo para sa substance use disorder, kasama ang pagsusuri, pagtatasa, maikling interbensyon at referral sa paggamot (SABIRT) para sa paggamit ng alak o droga sa mga benepisyaryo na edad 11 taon at mas matanda, kasama ang miyembrong buntis, sa isang kaayusan ng pangunahing pangangalaga at pagsusuri sa tabako, alkohol, at droga. Ang managed care plan ay dapat ding magbigay o mag-ayos para sa probisyon ng mga Gamot Para Sa Paggamot ng Adiksiyon (kilala rin bilang Paggamot na may Tulong Sa Gamot o Medication-Assisted Treatment) na ibinigay sa mga kaayusan ng pangunahing pangangalaga, inpatient sa ospital, emergency departament at iba pang mga kinontratang medikal na kaayusan. Ang mga managed care plan ay dapat ding makapagbigay ng mga serbisyong pang-emergency na kinakailangan para mapatatag ang benepisyaryo, kasama ang boluntaryong pagpasok sa ospital para sa detoxification.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO NG DRUG MEDI-CAL ORGANIZED DELIVERY SYSTEM

Paano Ako Makakakuha ng mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng serbisyo ng paggamot sa paggamit ng substance, maaari kang makakuha ng serbisyo sa pamamagitan ng paghiling sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Maaari kang tumawag sa libheng numero na nakalista sa harap nitong handbook. Maaari ka ring mai-refer sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county para sa serbisyo ng paggamot sa paggamit substance sa iba pang mga paraan.

Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay inaatasang taggapin ang mga referral para sa mga serbisyo ng paggamot sa substance use disorder mula sa mga doktor, mga propesyonal ng kalusugan ng pag-uugali, at iba pang mga pangunahing provider na nanininiwalang kailangan mo ang mga serbisyong ito at mula sa iyong Medi-Cal managed care plan, kung ikaw ay isang benepisyaryo. Kadalasan, ang iyong general practitioner o ang Medi-Cal managed care plan ay mangangailangan ng iyong pahintulot o ang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng bata para makagawa ng referral, maliban na lamang kung emergency. Ang ibang mga tao at mga organisasyon ay maaari ring gumawa ng mga referral sa county, kasama ang mga paaralan, mga departamento ng county para sa kapakanan o serbisyong panlipunan; mga conservator, tagapag-alaga o mga miyembro ng pamilya; at mga ahensya ng alagad ng batas.

Ang mga serbisyong sinasakop ay maaaring makuha sa pamamagitan ng network ng provider ng San Francisco. Kung tatanggi ang sinumang kinontratang provider na isagawa o kung hindi man ay suportahan ang alinmang sinasakop na serbisyo, gagawa ng kaayusan ang San Francisco para maibigay ng ibang provider ang serbisyo. Hindi maaaring tanggihan ng iyong county ang hiling na gumawa ng pangunahing pagtatasa



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

para matukoy kung nakamit mo ang pamantayan para makakuha ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.

Para sa Kahilingan sa Transisyon ng Pangangalaga, pumunta sa pahina 67.

Saan Ako Makakakuha ng Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?

Ang San Francisco ay kasali sa programa ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System program. Dahil isa kang residente ng San Francisco, maaari kang makakuha ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa county kung saan ka nakatira sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Para sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System na hindi naibibigay sa iyong county, ang gagawa ng kaayusan ang iyong county para makatanggap ka ng mga serbisyo sa labas ng county kung kinakailangan at angkop. Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay may mga provider ng paggamot ng substance use disorder para gamutin ang mga kondisyon na sakop ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Ang ibang mga county na hindi kalahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay maaaring makapagbigay ng mga sumusunod na serbisyo ng Drug Medi-Cal:

- Intensibong Paggamot na Outpatient
- Opioid (Narcotic) Treatment
- Paggamot na Outpatient
- Serbisyo ng Perinatal Residential Substance Abuse (hindi kasali ang kwarto at pagkain)

Kung ikaw ay wala pang 21 taon, karapat-dapat ka rin para sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot na sa ibang county sa buong estado.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Lagpas-Oras na Pangangalaga

Pwedeng tumawag ang mga benepisyaryo sa 1-888-246-3333 o 1-415-255-3737 (TTY: 711). Ang mga benepisyaryong naghahanap ng pamamahala sa withdrawal ay pwedeng magpunta nang direkta sa mga site ng provider.

Paano Ko Malalaman Kung Kailan KoKailangan ng Tulong?

Maraming tao ang nahihirapan sa buhay at maaaring dumaranas ng problemang nauugnay sa paggamit ng substance. Ang pinakamahalaga na dapat tandaan ay may makukuhang tulong. Kung karapat-dapat ka para sa Medi-Cal, at sa tingin o ay kailangan mo ng tulong ng propesyonal, dapat kang humiling ng pagtatasa mula sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county para tiyak na malaman dahil kasalukuyan kang nakatira sa kalahok na Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.

Paano Ko Malalaman Kung Ang Isang Bata O Teenager Ay Kailangan Ng Tulong?

Maaari mong kontakin ang kalahok na Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county para sa isang pagtatasa sa iyong anak na bata o teenager kung sa tingin mo ay nagpapakita sila ng mga senyales ng paggamit ng substance. Kung ang iyong anak na bata o teenager ay kwalipikado para sa Medi-Cal at ipinapahiwatig ng pagtatasa ng county na ang serbisyo ng paggamot para sa droga at alkohol na sakop ng kalahok na county ay kailangan, gagawa ng kaayusan ang county para makatanggap ng mga serbisyo ang iyong anak na bata o teenager.

Kailan Ako Makakuha ng Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County?

Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay dapat makamit ang mga batayan ng oras ng appointment kapag nagpa-iskedyul ng appoint para makatanggap ng mga serbisyo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

county. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay dapat mag-alok ng appointment na nakakamit ang mga batayan ng oras ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng hindi urgent na hiling para simulan ang serbisyo na may provider para substance use disorder para sa outpatient at intensibong outpatient na serbisyo.
- Sa loob ng 3 araw mula sa hiling para sa serbisyo ng Opioid (Narcotic) Treatment Program.
- Isang follow-up na hindi urgent na appointment sa loob ng 10 araw kung dumamadaan sa isang kurso ng paggamot para sa patuloy na substance use disorder, maliban sa mga ilang kaso na tinukoy ng provider.

Subalit, ang mga panahong ito ay maaaring mas matagal kung natukoy ng provider na ang mas matagal na panahon ng paghintyay ay angkop at hindi nakasasama sa kalusugan. Kung ikaw ay nasabihan na nailagay ka sa waitlist, at sa tingin mo na ang haba ng panahon ay makasasama sa iyong kalusugan, kontakin ang plano sa [1-888-246-3333]. Mayroon kang karapatan na maghain ng reklamo kung hindi nakatanggap ng napapanahon na pangangalaga. Para sa marami pang impormasyon sa paghahain ng reklamo, tingnan ang seksyon ng “Ang Proseso ng Reklamo” sa handbook na ito.

Sino Ang Nagpapasya Kung Aling Serbisyo Ang Makukuha Ko?

Ikaw, ang iyong provider, at ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay kasali sa pagpapasya kung aling serbisyo ang iyong kailangang matanggap mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Isang provider ng serbisyo para sa substance use disorder ang kakausap sa iyo, at sa pamamagitan ng kanilang pagtatasa, tutulong sila na magrekomenda kung aling serbisyo ang angkop base sa iyong mga kailangan. Makakatanggap ka ng mga serbisyo habang isinasagawa ng provider ang pagtatasa.

Kung wala ka pang 21 taon, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay dapat magbigay ng mga serbisyong medikal na kinakailangan na makakatulong na maitama, o pahusayin ang iyong kondisyon ng mental na kalusugan. Ang mga serbisyo



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

na nagpapanatili, sinusuportahan, pinapahusay, o pinapaginhawa ang mga kondisyon ng kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

KUNG PAANO MAKAKAKUHA NG SERBISYO SA MENTAL NA KALUSUGAN

Saan Ako Makakakuha Ng Espesyal Na Serbisyo sa Mental na Kalusugan?

Maaari kang makakuha ng espesyal na serbisyo sa mental na kalusugan mula sa iyong county, at sa labas ng iyong county kung kinakailangan. Bawat county ay may espesyal na serbisyo sa mental na kalusugan para sa mga bata, kabataan, adulto, at nakatatandang mga adulto. Kung ikaw ay wala pang 21 taon, ikaw ay karapat-dapat sa karagdagang pagsakop at mga benepisyos sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot.

Aalamin ng iyong mental health plan kung iyong nakamit ang batayan ng pag-access para sa espesyal na serbisyo sa mental na kalusugan. Kung nakamit mo, ire-refer ka ng mental health plan sa isang provider ng espesyal na serbisyo sa mental na kalusugan na susuriin ang iyong mga pangangailangan para malaman ang kung aling serbisyo ang irerekomenda sa iyo nang matugunan ang iyong mga kailangan. Maaari ka ring humiling ng isang pagsusuri mula sa iyong managed care plan bilang benepisyaryo ng plano. Kung natukoy ng iyong managed care plan na natugunan mo ang pamantayan para sa espesyal na serbisyo sa mental na kalusugan, ang ire-refer ka ng managed care plan para makatanggap ng mga serbisyo mula sa mental health plan o tulungan ka na ilipat ang iyong mga serbisyo mula sa managed care plan papuntang mental health plan. Walang maling paraan para sa pag-access ng serbisyo sa mental na kalusugan, ibig sabihin, maaari kang makatanggap ng hindi espesyal na serbisyo sa mental na kalusugan mula sa iyong managed care plan bukod pa sa iyong espesyal na serbisyo sa mental na kalusugan. Maaari mong makuha ang mga serbisyong ito mula sa iyong provider ng mental na kalusugan kung natukoy ng iyong provider na ang mga serbisyo ay klinikal na angkop sa iyo at basta't ang mga serbisyo ay koordinado at hindi nauulit.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

PAMANTAYAN NG PAG-ACCESS AT PANGANGAILANGANG MEDIKAL

Ano Ang Mga Pamantayan Sa Pag-Access Para Sa Pagsakop Ng Serbisyo Ng Paggamot Ng Substance Use Disorder?

Bilang bahagi ng pagpasya sa iyong pangangailangan sa serbisyo ng paggamot sa paggamit ng substance, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay makikipag-ugnayan sa iyo at sa iyong provider para magpasya kung nakamit mo ang pamantayan sa pag-access para makatanggap ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Ipapaliwanag ng seksyon na ito kung paano gagawin ng iyong kalahok na county ang desisyong iyon.

Ang iyong provider ay makikipagtulungan sa iyo para magsagawa ng pagtatasa para matukoy kung aling serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ang pinaka-angkop para sa iyo. Itong pagtatasa ay dapat isagawa nang harapan, sa telehealth o telepono. Maaari kang makatanggap ng serbisyo habang ginaganap ang pagtatasa. Pagtapos kumpletuhin ng provider ang pagtatasa, aalamin nila kung nakamit ang mga sumusunod na pamantayan ng pag-access para makatanggap ng serbisyo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System:

- Dapat ay naka-enroll ka sa Medi-Cal.
- Kailangan ay nakatira ka sa county na kalahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taon ay dapat na mayroong kahit isang diagnosis mula sa Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders for a Substance-Related and Addictive Disorder (hindi kasama ang Karamdamang Nauugnay sa Tabako at Mga Karamdamang Hindi Nauugnay sa Droga) o nagkaroon ng kahit isang diagnosis mula sa Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders for a Substance-Related and Addictive Disorder bago mabilanggo o sa panahon ng pagkakabilanggo (hindi kasama ang



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Karamdamang Nauugnay sa Tabako at Mga Karamdamang Hindi Nauugnay sa Droga).

- Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taon ay maaaring makatanggap ng lahat ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System kapag natukoy ng provider na ang serbisyo ay maitatama o makakatulong sa paggamot ng sakit ng maling paggamit ng droga, kahit na ang diagnosis ay hindi natukoy. Kahit na ang county kung saan ka nakatira ay hindi kalahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System, kung ikaw ay wala pang 21 taon, maaari kang makatanggap ng mga serbisyong ito.
- Dapat mong matugunan ang kahulugan ng American Society of Addiction (ASAM) sa medikal na pangangailangan para sa mga serbisyo base sa Pamantayan ng ASAM (Ang Pamantayan ng ASAM ay ang pambansang pamantayan sa paggamot para sa adiksiyon at kondisyong nauugnay sa paggamit ng droga).

Ano Ang Medikal Na Pangangailangan?

Ang mga natanggap mong serbisyo ay dapat na medikal na kinakailangan at angkop para matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga indibidwal na 21 taon o mas matanda, ang serbisyo ay medikal na na kinakailangan kapag ito ay makatwiran o kailangan para protektahan ang iyong buhay, iwasan ang malubhang karamdaman o kapansanan, o mapaginhawa ang matinding kirot. Para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taon, ang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung naitama o natulungan ang maling paggamit ng substance o substance use disorder. Ang mga serbisyong nakakapagpanatili, nakakasuporta, nakakapagpabuti, o nagpapangyari para mas makayanan ang maling paggamit ng droga o substance use disorder ay itinuturing na nakatulong sa at samaktwid ay sakop ng serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose, at Paggamot.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

PAGPILI NG PROVIDER

Paano Ako Makakahanap Ng Provider Para Sa Serbisyo Ng Paggamot Sa Substance Use Disorder?

Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay maaaring maglagay ng limitasyon sa iyong pagpipilian ng mga provider. Maaari mong hilingin na bigyan ka ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ng pangunahing mga pagpipilian ng mga provider. Dapat kang payagan ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na magpalit ng provider. Kung humiling ka na magpalit ng provider, dapat kang payagan ng county na pumili ng provider na naaangkop at sa abot ng makakaya.

Inaatasan ang iyong mental health plan na mag-post ng directory ng kasalukuyang provider online. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga kasalukuyang provider o gusto mo ng mas bagong directory ng provider, bisitahin ang website ng iyong mental health plan sa

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>) o tumawag sa libreng numero ng mental health plan (1-888-246-3333). Kapag hiniling, makukuha ang directory ng provider na ito sa papel na format nang walang bayad sa loob ng limang araw ng negosyo. Maaari ring ipadala sa email ang handbook na ito sa elektronikong format, kung ipapahintulot mo.

Kung minsan, pinipili ng mga contract provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na hindi na magbigay ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System bilang provider ng county, hindi na nakipagkontrata sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county, o hindi na tumatanggap ng mga pasyente ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa kanila o ayon sa hiling ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Kapag nangyari ito, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay dapat magbigay ng sulat ng paunawa ng pagwawakas mula sa kinontratang provider ng county sa loob ng 15 na araw



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

pagkatanggap o pagkabigay ng paunawa ng pagwawakas, sa bawat tao na tumatanggap ng serbisyo ng paggamot ng substance use disorder mula sa provider. Ang mga American Indian at Alaska Native na karapat-dapat para sa Medi-Cal at nakatira sa mga county na piniling sumali sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System, ay makakatanggap din ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System mula sa Indian Health Care Providers na may sertipikasyon mula sa Drug Medi-Cal.

Kapag Nakahanap Na Ako Ng Provider, Maaari bang Sabihin ng Medi-Cal Organized Delivery System ng county Ang Mga Serbisyong Makukuha Ko?

Ikaw, ang iyong provider, at ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay kasali sa pagpapasya kung aling serbisyo ang iyong kailangan mula sa county sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamantayan ng pag-access para sa serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Kung minsan, ipapaubaya ng county ang desisyon sa iyo at sa provider. Sa ibang panahon, maaaring iatas ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na ang iyong provider ay magpakita ng mga dahilan kung bakit sa tingin ng provider ay kailangan ng serbisyo bago ito ibigay. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay dapat gumamit ng isang kwalipikadong propesyonal sa pagsusuri.

Ang proseso ng pagrerepaso na ito ay tinatawag na proseso ng pagpapalano ng awtorisasyon. Ang patiunang awtorisasyon para sa mga serbisyo ay pinapayagan lamang para sa mga residensyal at pang-inpatient na (hindi kasali ang serbisyo ng pamamahala ng withdrawal). Dapat sundin ng proseso ng awtorisasyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ang mga partikular na takdang panahon. Para sa karaniwang awtorisasyon, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay dapat magdesisyon sa hiling ng iyong provider sa loob ng 14 na araw.

Kung humiling ka o ang iyong provider, o kung sa tingin ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na makabubuti sa iyong kapakanan na makakuha ng



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

marami pang impormasyon mula sa provider, ang takdang panahon ay maaaring pahabain hanggang 14 na araw. Isang halimbawa kung kailan ang isang ekstensyon ay marahil para sa iyong interes ay kapag sa tingin ng county ay maaaprubahan nito ang hiling ng iyong provider para sa awtorisasyon kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay may karagdagang impormasyon mula sa iyong provider at tatanggihan nito ang hiling kung wala ang impormasyon. Kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay pinatagal ang takdang panahon, padadalhan ka ng county ng isang nakasulat na paunawa tungkol sa ekstensyon.

Kung ang county ay hindi magpasya sa loob ng takdang panahon na kailangan para sa karaniwang pinabilis na awtorisasyon, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay dapat magpadala sa inyo ng Notice of Adverse Benefit Determination (Paunawa ng Pagpasiya Sa Salungat Na Benepisyo) na nagsasabi na ang mga serbisyo ay tinanggihan at maaari kang maghain ng apela o humingi ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Maaari kang humiling sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ng marami pang impormasyon tungkol sa kanilang proseso ng awtorisasyon.

Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county sa proseso ng awtorisasyon, maaari kang maghain ng apela sa county o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Para sa karagdagang imormasyon, tignan ang seksyon ng Paglutas ng Problema.

Aling Mga Provider Ang Maaring Gamitin Ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county?

Kung ikaw ay bago sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, makikita ang kumpletong listahan ng mga provider sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county sa <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp> at nandoon ang mga impormasyon kung nasaan ang mga provider, ang ibinibigay nilang serbisyo



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

ng paggamot sa substance use disorder, at iba pang impormasyon para makatulong sa pag-access ng pangangalaga, kasama ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at para sa wika na available mula sa mga provider. Kung may mga katanungan ka tungkol sa mga provider, tawagan ang libreng numero na nasa harapang seksyon nitong handbook.

ANG IYONG KARAPATAN NA MA-ACCESS ANG MGA MEDIKAL NA REKORD AT IMPORMASYON NG DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE

Inaatasan ang iyong county na lumikha at magpanatili ng isang ligtas na sistema sa pag-access ng iyong mga medikal na rekord at makahanap ng provider sa pamamagitan ng mga karaniwang teknolohiya tulad ng computer, smart tablet, o mobile device. Tinatawag na Patient Access Application Programming Interface (API) ang sistemang ito. Ang impormasyon sa pagpili ng application para ma-access ang iyong mga medikal na rekord, makahanap ng provider at mga sanggunian ng edukasyon ng miyembro ay makikita sa:

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Maglalabas ang San Francisco County ng Patient Access API sa 2024 na taon ng kalendaryo. Kapag lubusan nang available ang API, ia-update at ipapamahagi ang handbook na ito.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

PAUNAWA SA PAGPAPASIYA SA SALUNGAT NA BENEPISYO (NOTICE OF ADVERSE BENEFIT DETERMINATION)

Ano Ang Aking Mga Karapatan Kung Tinanggihan Ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County Ang Mga Serbisyong Gusto O Kailangan Ka?

Kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay tinanggihan, nilimitahan, binawasan, ipinagpaliban, o winakasan ang mga serbisyong gusto mo o pinaniniwalaang dapat mong makuha, may karapatan kang makatanggap ng nakasulat na Paunawa (tinatawag na “Paunawa sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo”) mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. May karapatan ka ring tumutol sa pasya sa pamamagitan ng paghahain ng apela. Tinatalakay ng mga seksyon sa ibaba ang karapatan mong makatanggap ng Paunawa at kung ano ang gagawin kung tutol ka sa pasya ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.

Ano Ang Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo?

Ang Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo o Adverse Benefit Determination ay nangangahulugan ng alinman sa mga sumusunod na aksyon na isinagawa ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county:

1. Ang pagtangi o limitadong awtorisasyon ng hiniling na serbisyo, kasama ang pagpapasiya base sa uri o antas ng serbisyo, pangangailangang medikal, pagiging angkop, kapaligiran, o bisa ng isang benepisyong sakop.
2. Ang pagbabawas, suspensyon, o pagwawakas ng dating pinahihintulutan serbisyo.
3. Ang pagtangi, sa kabuuan o sa bahagi, ng bayad para sa serbisyo.
4. Ang hindi napapanahong pagbibigay ng mga serbisyo.
5. Ang hindi pag-aksyon sa loob ng kinakailangang saklaw ng panahon para sa karaniwang paglutas ng mga reklamo at apela (Kung naghain ka reklamo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county at wala kang natanggap na nakasulat na pasya tungkol sa reklamo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county sa loob ng 90 araw. Kapag naghain ka ng apela sa



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county at wala kang natanggap na nakasulat na pasya sa apela mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county sa loob ng 30 araw, o kung naghain ka ng pinabilis na apela, at wala kang natanggap na tugon sa loob ng 72 oras.) o

6. Ang pagtangga sa hiling ng benepisyaryo para kwestyunin ang pananagutan.

Ano Ang Paunawa Sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo?

Ang Paunawa Sa Pagpapasiya sa Salungat Na Benepisyo ay isang nakasulat na liham na ipapadala sa iyo ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county kung magpasiya itong tanggihan, limitahan, bawasan, iantala, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng iyong provider mo na dapat mong matanggap. Kasama dito ang pagtangga ng bayad para sa serbisyo, pagtangga batay sa pag-aangkin na hindi saklaw ang mga serbisyo, pagtangga batay sa pag-aangkin na hindi medikal na kailangan ang mga serbisyo, pagtangga na ang serbisyo ay para sa maling sistema ng paghahatid, o pagtangga sa kahilingan na i-dispute ang pananagutan sa pananalapi. Ginagamit din ang Paunawa sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo para ipaalam sa iyo na hindi nalutas sa tamang panahon ang reklamo mo, apela, o pinabilis na apela, o kung hindi mo natanggap ang mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan ng timeline sa pagbibigay ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.

Panahon ng Paunawa

Dapat ipadala ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ang paunawa sa benepisyaryo sa loob ng di-bababa sa 10 araw bago ang petsa ng aksyon para sa pagwawakas, suspensyon, o pagbabawas ng dating pinahintulatang serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Dapat ding ipadala ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ang paunawa sa benepisyaryo sa loob ng dalawang araw ng negosyo mula sa desisyon ng pagtangga sa pagbabayad o mga desisyon na nagresulta sa pagtangga, pag-antala, o pagbabago sa lahat o bahagi ng hiniling na mga serbisyo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Palagi Ba Akong Makatanggap Ng Paunawa Sa Pagpapasiya sa Salungat Na Benepisyo Kapag Hindi Ko Nakuha Ang Mga Serbisyong Gusto Ko?

Oo, dapat kang makatanggap ng Paunawa Sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo. Gayunman, kung hindi nakatanggap ng paunawa, maaari kang mag-apela sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county o kung nakumpleto mo na ang proseso ng pag-aapela, maaari kang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kapag nakipagugnayan ka sa county, ipahayag na dumaranas ka ng pagpapasiya ng salungat na benepisyo ngunit hindi ka nakatanggap ng paunawa. Ang impormasyon sa paghahain ng apela o paghiling sa Makatarungang Pagdinig ng Estado ay kasama sa handbook na ito. mayroon ding impormasyon sa opisina ng iyong provider.

Ano Ang Ipapaalam Sa Akin Ng Paunawa Sa Pagpapasiya sa Salungat Na Benepisyo?

Ipapaalam sa iyo ng Paunawa sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo:

- Kung ano ang ginawa ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na nakakaapekto sa iyo at sa kakayahan mong makakuha ng mga serbisyo.
- Ang petsa kung kailan magsisimulan magkaroon ng bisa ang desisyon at ang dahilan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county para sa desisyon.
- Ang mga batas na pang estado at pederal na sinusunod ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county nang gawin nito ang desisyon.
- Ang iyong mga karapatan kung hindi ka sang-ayon sa kung ano ang ginawa ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.
- Kung paano makakatanggap ng mga kopya ng mga dokumento, rekord at iba pang mga impormasyon kaugnay sa desisyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.
- Kung paano maghahain ng apela sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.
- Kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Kung paano humiling ng pinabilis na apela o isang pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Kung paano humingi ng tulong sa paghahain ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado
- Kung gaano katagal ka bago maghain ng apela, o humling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Ang iyong mga karapatan para makatanggap ng serbisyo habang hinihintay ang apela o ang Makatarungang Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyo, at kung sakop ba ng Medi-Cal ang gastos ng mga serbisyo.
- Kapag nakapaghain ng iyong Apela o Makatarungang Pagdinig ng Estado, humiling kung gusto mong ipagpatuloy ang mga serbisyo.

Ano Ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako Ng Paunawa Sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo?

Kapag nakatanggap ka ng Paunawa Sa Pagpapasiya sa Salungat Na Benepisyo, dapat mong basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa paunawa. Kung hindi mo maintindihan ang paunawa, matutulungan ka ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Maaari ka ring humiling ng tulong sa ibang tao.

Maaaring mong hilingin ang pagpapatuloy ng serbisyo na inihinto nang maghain ka ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Dapat mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalapas sa 10 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng pagtanggap ng Paunawa ng Pagpapasya sa Salungat na Benepisyo na post-marked o personal na ibinigay sa iyo, o bago ang petsa ng simula ng pagbabago.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

PROSES NG PAGLUTAS NG PROBLEMA

Paano kung hindi ko makuha ang mga serbisyo na gusto ko mula sa aking County Drug Medi-Cal Organized Delivery System Plan?

Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay may paraan para sa iyo upang maayos ang problema tungkol sa anumang isyu kaugnay sa mga serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder na natatanggap mo. Tinatawag itong proseso ng paglutas ng problema at maaaring magsangkot ng mga sumusunod na mga proseso.

1. **Proseso ng Reklamo** – pahayag ng hindi pagkakontento sa anumang serbisyo ng paggamot sa substance use disorder, bukod sa Pagpapasiya sa Salungat na Benepisyo.
2. **Proseso ng Apela** – pagsusuri ng desisyon (pagtanggap, pagwawakas, o pagbabawas ng serbisyo) na isinagawa tungkol sa mga serbisyo ng paggamot ng substance use disorder ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county o ng iyong provider
3. **Proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado**– pagrepaso para masigurado na natatanggap mo ang mga serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder na karapat-dapat mong matanggap sa ilalim ng programa Medi-Cal.

Ang paghahain ng reklamo o apela, o paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ay hindi makakaapekto sa mga serbisyong natatanggap mo. Kapag ang iyong reklamo o apela ay nakumpleto, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay mag-aabiso sa iyo at sa mga provider, mga magulang/tagapag-alaga tungkol sa huling kalalabasan. Kapag nakumpleto na ang iyong Makatarungang Pagdinig ng Estado, ikaw at ang provider ay aabisuhan ng Tanggapan ng Makatarungang Pagdinig ng Estado may kinalaman sa huling resulta.

Alamin pa ang tungkol sa paglutas ng bawat problema sa ibaba.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Maaari Ba Akong Maghain Ng Apela, Reklamo O Makatarungang Pagdinig Ng Estado?

Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay tutulong sa pagpapaliwanag ng mga prosesong ito sa iyo at dapat kang tulungan na maghain ng reklamo, apela, o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Matutulungan ka rin nila sa pagpapasya kung kwalipikado ka para sa tinatawag na proseso ng “pinabilis na apela”, na ang ibig sabihin ay mas mabilis itong pag-aaralan dahil nasa panganib ang iyong kalusugan o katatagan. Maaari mo ring pahintulutan ang iba na kumilos para sa iyo, kasama ang iyong provider o tagapagtaguyod ng paggamot sa substance use disorder. Kung gusto mo ng tulong, tumawag sa 1-888-246-3333 (TTY: 711). Dapat kang bigyan ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ng makatwirang tulong sa pagkumpleto ng mga form at iba pang mga hakbang ng proseso kaugnay sa reklamo o apela. Kasama dito ang, ngunit hindi limitado sa, pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at libreng numero na may TTY/TDD at puwedeng may interpreter.

Paano Kung Kailangan Ko Ng Tulong Para Lutasin Ang Isang Problema Sa Aking Drug Medi-Cal Organized Delivery System county Plan Pero Ayaw Kong Maghain Ng Reklamo O Apela?

Maaari kang makahingi ng tulong mula sa Estado kung nahihirapan ka sa paghanap ng tamang tao sa county para matulungan na hanapin ang iyong landas sa sistema.

Maaari mong kontakin ang Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. to 5 p.m. (maliban sa mga holiday), sa pagtawag sa **888-452-8609** o sa pag-email sa MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov.

Mangyaring tandaan: Hindi itinuturing na kumpidensyal ang mga mensahe sa email. Hindi mo dapat ilagay ang mga personal na impormasyon sa e-mail.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na opisina ng legal aid o iba pang mga grupo. Maaari ka ring magtanong tungkol sa mga karapatan para sa pagdinig o libreng legal aid mula sa Public Inquiry and Response Unit:

Tumawag nang Libre: 1-800-952-5253

Kung ikaw ay bingi at gumagamit ng TDD, tumawag sa: **1-800-952-8349**

ANG PROSESO NG REKLAMO

Ano Ang Reklamo?

Ang isang reklamo ay ang pagpapahayag ng hindi pagkakontento tungkol sa anumang bagay na nauugnay sa iyong serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder na hindi kabilang sa mga problemang sakop ng apela at proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Ang proseso ng reklamo ay:

- Nagsasangkot ng simple, at madaling maintindihan na pamamaraan na makakapaghintulot sa iyo na magharap ng mga reklamo nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat.
- Hindi ito magiging laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Pahintulutan ka na awtorisahan ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, kasama ang provider. Kung pahihintulutan mo ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, maaaring hilingin sa iyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na pumirma ng form na nagbibigay ng awtorisasyon para maglabas ng impormasyon sa taong iyon.
- Magtitiyak na ang mga indibidwal na gumagawa ng desisyon ay kwalipikado na gawin iyon at hindi kasangkot sa mga naunang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Aalamin ang papel at mga responsibilidad mo, ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county at ng iyong provider.
- Magbibigay ng resolusyon sa reklamo sa loob ng iniatas na takdang panahon.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Kailan Ako Puwedeng Maghain Ng Reklamo?

Maaari kang maghain ng reklamo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county kahit anong oras kung ikaw ay hindi kontento sa mga serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder na iyong tinatanggap mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county o mayroon kang ibang alalahanin tungkol sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.

Paano Ako Makakapaghain ng Reklamo?

Maaari mong tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county para makahing ng tulong para sa isang reklamo. Maaaring ihain ang mga reklamo nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat. Ang mga pasalitang reklamo ay hindi kailangang sundan pa ng sulat. Kung gusto mong maghain ng reklamo nang nakasulat, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay magbibigay ng mga sobrang may address nila sa lahat ng mga site ng provider para maipadala mo sa koreo ang iyong reklamo. Kung wala kang sobrang may address nila, maaari mong direktang ipadala ang iyong reklamo sa address sa harap nitong handbook.

Paano Ko Malalaman Kung Natanggap Ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county Ang Reklamo Ko?

Inatasan ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng na ipaalam sa iyo na natanggap nila ang iyong reklamo sa pamamagitan ng pagpadala sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon sa loob ng 5 araw sa kalendaryo mula sa pagkakatanggap. Ang reklamong na natanggap sa pamamagitan ng tawag sa telepono o sa personal, na sinang-ayunan mong nalutas sa pagtatapos ng kasunod na araw ng negosyo, ay hindi kasali at maaaring hindi ka makakuha ng sulat.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Kailan Dedesisyonan Ang Aking Reklamo?

Dapat magpasya ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county mo tungkol sa iyong reklamo sa loob ng 90 na araw mula sa petsa na inihain mo ang reklamo mo. Maaaring i-extend ang mga timeframe ng hanggang sa 14 araw kung hihiling ka ng extension, o kung naniniwala ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na kailangan ang karagdagang impormasyon at para sa ikabubuti mo ang pagkaantala. Isang halimbawa na maaaring para sa ikabubuti mo ang pagkaantala ay kapag naniniwala ang county na kaya nitong lutasin ang reklamo mo kung may kaunti pang panahon ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county para makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iba pang taong sangkot.

Paano Ko Malalaman Kung Mayroon Ng Desisyon Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county Tungkol Sa Reklamo Ko?

Kapag ang desisyon ay napagpasiyahan tungkol sa iyong reklamo, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay aabisuhan ka o ang iyong kinatawan sa pamamagitan ng sulat tungkol sa iyong desisyon. Kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay nabigo sa pag-abiso sa iyo o sa sinumang apektadong partido tungkol sa napapanahon na desisyon, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay kinakailangang magbigay sa iyo ng Paunawa Sa Pagpasiya sa Salungat na Benepisyo na nagpapayo sa iyo tungkol sa iyong karapatan para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado. Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay kinakailangang magbigay sa iyo ng Paunawa Sa Pagpasiya sa Salungat na Benepisyo sa petsa ng pagpaso ng takdang panahon.

Mayroon Bang Deadline Sa Paghahain Ng Reklamo?

Maaaring maghain ng reklamo sa anumang panahon.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

ANG PROSESO NG PAG-APELA (KARANIWAN AT PINABILIS)

Dapat kang payagan ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na tutulan ang desisyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county o ng iyong mga provider sa mga serbisyo sa paggamot ng substance use disorder na hindi ka sang-ayon. Mayroong dalawang paraan para makahiling ng pagrepaso. Isang paraan ay ang paggamit ng proseso ng karaniwang apela. Magkatulad ang dalawang uri ng apela na ito; gayunman, may mga partikular na mga kahilingan para maging kwalipikado sa pinabilis na apela. Ipinapaliwanag sa ibaba ang mga espesipikong kahilingan.

Ano Ang Karaniwang Apela?

Ang karaniwang apela ay ang hiling para sa pagrepaso ng isang problema na mayroon ka sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county o sa iyong provider na nagsasangkot ng pagkakatanggi o pagbabago sa mga serbisyong sa tingin mo ay iyong kailangan. Kung humiling ng karaniwang apela, ang pagrepaso ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay maaaring umabot ng 30 araw. Kung sa tingin mo na ang paghintay ng 30 na araw ay malalagay ang iyong kalusugan sa panganib, dapat ay humiling ka ng ‘pinabilis na apela.’

Ang Karaniwang Apela ay:

- Pahihintulutan ka na mag-apela sa personal, sa telepono, o pasulat.
- Pagtiyak na ang paghahain ng apela ay hindi magiging laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Pahintulutan ka na bigyan ng awtorisasyon ang isang tao na kumilos para sa iyo, kasama ang iyong provider o advocate. Kung binigyan mo ng awtorisasyon ang para maging iyong kinatawan, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay maaaring hilingin ka na pumirma sa isang porm na nagbibigay ng awtorisasyon sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na ilabas ang iyong impormasyon sa taong iyon.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Ipagapatuloy ang iyong mga benepisyo sa paghiing ng apela sa loob ng tagubiling takdang panahon, ito ay 10 araw mula sa petsa ng Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo na may post-mark o personal na ibinigay sa iyo. Hindi mo kailangan bayaran ang mga patuloy na serbisyo habang hinihintay ang apela. Kung humiling ka ng pagpapatuloy ng benepisyo, at ang huling desisyon ng apela ay kinukumpirma ang desisyon sa pagbawas o hindi pagpatuloy ng serbisyon ng iyong tinatanggap, maaaring kailanganin na bayaran ang mga gastos ng serbisyo habang hinihintay ang apela.
- Tiyakin na ang mga indibidwal na gumagawa ng deisyon ay kwalipikado na gawin ito at hindi kasangkot sa anumang naunag antas ng pagrepaso o pagpapasiya.
- Pahintulutan ka o ang iyong kinatawan na pag-aralan ang kaso, kasama ang medikal rekord, at iba pang mga dokument o rekord na sinuri habang na sa proseso ng apela, bago at sa panahon ng proseso ng apela.
- Pahintulutan ka na magkaroon ng makatwirang oportunidad na magharap ng ebidensya at mga paratang sa katotohanan o ng batas, sa personal o pasulat.
- Pahintulutan ka, o ang iyong kinatawan, o ang legal na kinatawan ng ari-arian isang tao na yumao na dapat kasama bilang partido sa apela.
- Ipaalam sa iyo na ang iyong apela ay nirerepaso sa pagpadala sa iyo ng sulat ng kumpirmasyon.
- Ipaalam sa iyo ng iyong karapatan sa paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, pagkatapos makompleto ang proseso apela.

Kailan Ako Maaaring Maghain Ng Apela?

Maaari kang maghain ng apela sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county:

- Kung ang iyong county o isa sa mga provider na kinontrata ng county ay nagpasya na hindi ka kwalipikado sa pagtanggap ng anumang serbisyo ng



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

paggamot para sa substance use disorder ng Medi-Cal dahil hindi mo nakamit ang pamantayan ng pag-access

- Kung sa tingin ng iyong provider ay kailangan mo ng serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder at humingi ng pahintulot sa county, ngunit ang county ay di sang ayon sa hiling ng iyong provicer, o mga pagbabago sa tipo o dalas ng serbisyo.
- Kung humiling sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang iyong provider para sa pagpahintulot, ngunit kailangan pa ng county ng mas maraming impormasyon para makagawa ng desisyon at hindi nito nakomopleto ang proseso ng pag-apruba sa oras.
- Kung ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay hindi nagbigay ng serbisyo base sa takdang panahon na inayos ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Kung hindi ka naniniwala an ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay nagbibigay ng maagang serbisyo para makamit ang iyong pangangailangan.
- Kung ang iyong reklamo, apela o pinabilis na apela ay hindi napagpasiyahan sa oras.
- Kung ikaw at ang iyong provider ay hindi sumangayon sa serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder na iyong kailangan.

Paano Ako Maaaring Maghain Ng Apela?

Maaari kang tumawag sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na toll-free na numero para makatulong sa paghahain ng apela. Ang county ay magbibigay ng numero para makatulong sa paghahain ng apela. Ang county ay magbibigay ng self-addressed na mga sobre, maaari mo itong ipadala sa direksyon sa harap nitong handbook o maaari mong isumite ang iyong apela sa e-mail ofax sa [lalagay ng county ang direksyon at numero ng fax para sa apela].



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Paano Ko Malalaman Kung Napagpasiyahan Na Ang Apela?

Ang iyong plano ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay ipaalam sa iyo o ang iyong kinatawan sa pagsulat tungkol sa kanilang desisyon para sa apela. Ang paunawa ay mayroong mga sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng pagpasiya ng apela.
- Petsa kung kailan nagpasiya para sa desisyon.
- Kung ang apela ay hindi napagpasiyahan ng buong buo para sa iyong pabor, ang paunawa ay maglalaman din ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado at ang pamamaraan para sa paghahain ng Makatarungang Pagdinig ng Estado

Mayroon Bang Deadline Para Sa Paghahain Ng Apela?

Dapat maghain ng apela sa loob ng 60 na araw mula sa pets ang Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo. Tandaan na hindi palaging nakakatanggap ng Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo. Walang deadline sa paghahain ng apela kapag hindi niyo nakuha ang Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo; maaari niyong isampa ang ganitong tipo ng apela kahit kailan.

Kailan Pagpapasiyahan Ang Aking Apela?

Dapat magdesisyon ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county sa iyong apela sa loob ng 30 na araw mula sa petsa ng pagktanggap ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ng iyong hiling sa apela. Ang takdang panahon ay maaaring patagalin hanggang 14 na araw kung ang hiling sa ekstensyon, o kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay naniniwala na mayroong pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at ang pagka-antala ay para sa iyong benepisyo. Ang halimbawa ng pagkaantala ay para sa iyong kapananan ay kung sa tingin ng county na maaaring ma-aprubahan ang iyong apela kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay nagkaroon ng tiyempo para makuha ang impormasyon mula sa iyong provider.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Paano Kung Hindi Ako Makahintay Ng 30 Araw Para sa Desisyon Ng Aking Apela?

Ang proseo ng apela ay maaaring mas mabilis kung maging kwalipikado para sa pinabilis na proses ng pag-apela.

Ano Ang Pinabilis Na Apela?

Ang pinabilis na apela ay isang mas mabilis na paraan sa pagpasya ng apela. Ang mga pinabilis na apela ay sinusunod ang kahambing na proseso sa karaniwang proseso ng apela. Subalit, kailangan mong magpakita na ang karaniwang pag-apela ay maaaring lalong mapamasama ang iyong kondisyon sa paggamit ng substance. Sinusunod din ng proseso ng pinabilis na apela ang ibang deadline kaysa sa karaniwang apela. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay mayroong 72 na oras para irepaso ang mga pinabilis na apela. Maaaring kang gumawa ng pasalitang hiling para sa pinabilis na apela. Hindi mo kailangan na ilagay ang iyong pinabilis na apela sa sulat.

Kailan Ako Puwedeng Maghain Ng Pinabilis Na Apela?

Kung sa tingin mo na ang paghintay sa 30 na araw para sa desisyon ng karaniwang apela ay magiging mapanganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahan na makamit, mapanatili o mabawi ang pinakamalakas na kakayahan sa paggalaw, maaari kang humiling ng pinabilis na pagpasiya ng isang apela. Kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay sumangayon na ang iyong apela ay nakamit ang mga tagubilin para sa isang pinabilis na pag-apela, ang iyong county ay pagpapasiyahan ang iyong pinabilis na apela sa loob ng 72 na oras pagkatapos ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na tanggapin ng apela.

Ang mga takdang panahon ay maaaring mapatagal hanggang 14 na araw kung humiling ng ekstensyon, o kung maipakita ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na mayroong pangangailangan ng mga karagdagang impormasyon at ang pagka-antala ay para sa iyong kapakanan. Kung pinatagal ng Drug Medi-Cal



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Organized Delivery System ng county ang takdang panahon, bibigyan ka ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ng nakasulat na pagpapaliwanag kung bakit hinabaan ang takdang panahon.

Kung nagpasiya ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na ang iyong apela, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap para mabigyan ka ng madaliang pasabing paunawa at susulatan ka sa loob ng 2 araw na nagpapaliwanag sa dahilan ng desisyon. Ang iyong apela ay susundin ang karaniwang takdang panahon ng apela na binalangkas sa seksyong ito. Kung hindi ka sumangayon sa desisyon ng county na ang apela ay hindi nakamit ang pamantayan ng apela, maaari kang maghain ng reklamo.

Kapag ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay pinagpasiyahan ang iyong pinabilis na apela, aabisuhan ka sa sulat o pasabi ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county at lahat ng mga apektadong partido.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

ANG PROSESO NG MAKATARUNGANG PAGDINIG NG ESTADO

Ano Ang Makatarungang Pagdinig Ng Estado?

Ang Makatarungang Pagdinig ng Estado ay isang independyenteng pagrepaso na isinagawa ng California Department of Social Services para matiyak na iyong natatanggap ang mga serbisyo ng paggamot sa sakit sa paggamot ng substance na iyong karapatdapat matanggap sa ilalim ng programa ng Medi-Cal. Maaari mo din na bisitahin ang Department of Social Services sa <https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests> para sa karagdagang sanggunian.

Ano Ang Aking Mga Karapatan Ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang karapatan na:

- Magkaroon ng pagdinig sa harap ng California Department of Social Services (tinatawag din na Pagdinig ng Estado)
- Masabihan tungkol sa kung paano humiling nga Makatarungang Pagdinig ng Estado
- Masabihan tungkol sa mga tuntunin na namamahala sa representasyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado
- Maipagpatuloy ang mga benepisyo kapag ang iyong hiling habang na sa proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ay na sa loob ng tinagubiling takdang panahon.

Kailan Ako Maaaring Maghain Ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Maaari kang maghain ng Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Kung iyong nakompleto ang proseso ng apela ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county
- Kung ang iyong county o isa sa mga kinontratang provider ng county ay nagpasiya na hindi ka kwalipikado na makatanggap ng anumang serbisyo ng



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

paggamot para sa substance use disorder dahil hindi mo nakamit ang pamantayan ng pag-access.

- Kung ang iyong provider ay naniniwala na kailangan ng serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder at humiling ng pag-sangayon mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county, ngunit ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay hindi sumasang-ayon at tinangghan ang hilingng provider, o ang binbabago ang tipo o dalas ng serbisyo.
- Kung ang iyong provider ay humiling ng pagsangayon mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county, ngunit kailangan pa ng county ng dagdag na impormasyon para magpasiya at hindi kinompleto ang pag-sangayon sa oras.
- Kung hindi magbigay ng serbisyo ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county base sa takdang panahon na tinaguyod.
- Kung hindi ka naniniwala na ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay nagbibigay ng mg serbisyo ng maaga para makamit ang iyong pangangailangan.
- Kung ikaw at ang iyong reklamo, apela o pinabilis na apela ay hindi napagpasiyahan sa oras
- Kung ang iyong provider ay hindi sang-ayon sa serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder na iyong kailangan.
- Kung ang iyong reklamo, apela, o pinabilis na apela ay hindi naresolba nang nasa oras.

Paano Ako Makakahiling ng ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Maaring humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Online sa: <https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
- Nakasulat: Isumite ang hiling sa county welfare department sa address sa Paunawa Sa Pagpasiya sa Salungat na Benepisyo, o sa pamamagitan ng fax o email:



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

California Department of Social Services State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

O sa pamamagitan ng fax sa **916-651-5210** o **916-651-2789**.

Maaari ka ring humiling ng isang pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Sa pagtawag: Tumawag sa State Hearings Division, libre, sa **800-743-8525** o **855-795-0634**, o tawagan ang Public Inquiry and Response line, libre, sa **800-952-5253** o TDD at **800-952-8349**.

Mayro Bang Deadline Para sa Paghahain Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang 120 na araw sa kalendaryo para humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Ang 120 na araw ay bibilangin mula sa petsa ng paunawa ng pagpasiya na sulat mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.

Kung hindi nakatanggap ng Paunawa Sa Pagpasiya sa Salungat na Benepisyo, maaaring masampa ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kahit kailan.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy Ang Mga Serbisyo Habang Naghihintay Ng Pagpasiya Ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Oo, kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng paggamot at nais mo na ipagpatuloy ang paggamot habang naka-apela, dapat humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng paunawa desisyon ng apela ng pagka post-mark o dineliver sa iyo o bago ang petsa ng pagsabi ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county na ang iyong mga serbisyo ay ihihinto o babawasan. Kapag humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, dapat mong sabihin na nais mong patuloy na tumanggap ng iyong paggamot. Karagdagan pa dito, hindi mo kailangan na magbayad ng serbisyo habang hinihintay ang Makatarungang Pagdinig ng Estado.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Kung humiling pagpatuloy ng benepisyo, ang huling desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ay kinukumpirma ang desisyon na bawasan o hindi ipagpatuloy ang serbisyong iyong tinatanggap, maaaring kailangan mong bayaran ang serbisyo na ibinigay ng habang hinihintay ang Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Kailan Magpapasiya Ng Desisyon Tungkol Sa Aking Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Pagkatapos humiling nga Makatarungang Pagdinig ng Estado, baka umabot ng 90 na araw para padalhan ka ng sago para sa iyong kaso.

Maaari Ba Akong Makakuha Ng Mas Mabilis Na Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Kung sa tingin mo ay ang paghintay sa ng matagal ay makakasama sa iyong kalusugan, maaari kang makakuha ng sago sa loob ng tatlong araw. Hilingin sa iyong general practitioner o iba pang provider na sumulat para sa iyo. Maaari ka dring sumulat. Dapat ipaliwanag ng sulat kung bakit ang paghihintay hanggang 90 na araw para sa iyong kaso ay baka makasama sa iyong buhay, kalusugan, kakayahan na makamit, mapanatili, pag bawi ng kalakasan. Seguraduhin na humiling nga “pinabilis na pagdinig” at magbigay ng sulat para sa hiling sa isang pagdinig.

Ang Department of Social Services, State Hearings Division ay irerepaso ang iyong hiling para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado at magpapasiya kung ito ay kwalipikado. Kung ang pinabilis na pagdinig ay inaprubahan, gaganapin ng isang pagdinig at ilalabas ang desisyon sa loob ng tatlong araw mula sa petsa ng pagkatanggap ng iyong hiling ng Dibisyon ng Pagdinig na Pang Estado.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMA NG MEDI-CAL

Mayroon Bang Magagamit na Transportasyon?

Kung nahihirapan ka sa pagpunta sa mga appointment na medikal o appointment sa paggamot para sa karamdaman mula sa droga o alak, maaari kang tulungan ng programa ng Medi-Cal na makahanap ng sasakyan. Maaaring maglaan ng sasakyan para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal para sa mga tao na walang sasakyan at may mga pangangailangang medikal para makatanggap ng ilang serbisyong sinasakop na Medi-Cal. May dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment.

- Ang di-medikal na transportasyon ay transportasyon sa pamamagitan ng pribado o pampublikong sasakyan para sa mga tao na walang ibang paraan para makapunta sa kanilang appointment.
- Ang di-emergency na medikal na transportasyon ay transportasyon sa pamamagitan ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga taong hindi kayang gumamit ng pampubliko o pribadong sasakyan.

Ang transportasyon ay available para sa mga biyahe papunta sa botika o biyahe para kumuha ng mga kinakailangang medikal na supply, prosthetics, orthotics, at iba pang equipment. Para sa higit pang impormasyon at tulong kaugnay ng transportasyon, kontakin ang iyong managed care plan.

Para sa mga miyembro ng BlueCross, tumawag nang libre sa reserbasyon ng transportasyon sa 877-931-4755. Para sa mga miyembro ng San Francisco Health Plan, tawagan ang SFHP Customer Service sa 415-547-7800.

Kung may Medi-Cal ngunit hindi nagpalista sa isang managed care plan at kailangan ng hindi pang medikal na sasakyan para sa isang serbisyo na kaugnay sa serbisyo ng kalusugan, maaaring kontakin ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county para matulungan ka. Kapag kinontak mo ang kumpanya ng sasakyan, hihingin nila ang impormasyon tungkol sa petsa at oras ng appointment mo. Kung kailangan mo ng di-emergency na medikal na transportasyon, maaaring magtakda ang iyong provider



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

ng di-emergency na medikal na transportasyon at iugnay ka sa isang provider ng transportasyon para maisaayos ang iyong sasakyan papunta at pauwi mula sa (mga) appointment mo

Ano Ang Mga Serbisyong Pang-emergency?

Ang mga serbisyong pang-emergency ay sakop 24 na oras at 7 araw sa isang linggo. Kung sa tingin mo ay mayroon kang emergency kaugnay sa kalusugan, o tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room para sa tulong.

Mayroong mga serbisyong pang-emergency para sa mga hindi inaasahang kondisyon na medikal, kasama ang medikal na kondisyon na psychiatric emergency.

Ang isang emergency na kondisyon na medikal ay kapag may mga sintomas na nagsasanhi ng matinding pananakit o malubhang karamdaman o sakit, na pinaniniwalaan ng isang maingat na tao na maaaring makatwiran na asahan na kapag walang pangangalagang medikal ay maaaring:

- Ilagay ang ang iyong kalusugan sa seryosong panganib, o
- Kung ikaw ay buntis, mailagay ang iyong kalusugan o kalusugan ng iyong anak sa sinapupunan sa seryosong panganib, o
- Magsanhi ng seryosong pinsala sa kung paano ang gumagana ang iyong katawan, o
- Magsanhi ng seryosong pagkasira ng anumang organo o parte ng katawan.

May karapatan kang gamitin ang anumang ospital sa kaso ng emergency. Ang mga serbisyong pang-emergency ay hindi nangangailangan ng patiunang awtorisasyon.

Kailangan Ba Akong Magbayad Para Sa Medi-Cal?

Maaari kang magbayad ng Medi-Cal depende sa halaga ng pera na iyong nakukuha o kinikita bawat buwan.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Kung ang iyong kita ay mas kaunti kaysa sa limit ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya para magbayad ng serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung ang iyong kita ay mahigit kaysa Medi-Cal na limit ng laki ng iyong pamilya, kailangan magbayad ng kaunti para sa mga serbisyong medikal o paggamot sa paggamit ng substance. Ang halaga na iyong babayaran ay tinatawag na 'share of cost' o 'bahagi ng bayad,' babayaran ng Medi-Cal ang labi ng iyong sinakop na mga medical bills para sa buwan na yon. Sa mga buwan na hindi wala kang mga gastos na medikal, hindi mo kailangan magbayad.
- Maaari kang may bayaran na 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Ibig sabihin nito ay magbabayad ng out of pocket o mula sa iyong bulsa sa bawat panahon na mayroon kang nakukuhang serbisyong medikal o pumunta sa emergency room ng ospital para sa mga regular na serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng provider kung mayroon kang kailangan bayaran.

Sino Ang Kokontakin Ko Kung Naiisip Kong Magpakamatay?

Kung ikaw o may kilala ka na dumaranas ng krisis, tumawag sa National Suicide Prevention Lifeline sa **988** o **1-800-273-TALK (8255)**. Mayroon ding chat sa <https://988lifeline.org/>.

Para sa mga lokal na residente na naghahap ng tulong sa isang krisis at access sa isang lokal na programa para sa mental na kalusugan, tumawag sa 1-888-246-3333 / 1-415-255-3737 (TTY: 711).

Saan Ako Makakakuha Ng Higit Pang Impormasyon Tungkol Sa Medi-Cal?

Bisitahin ang website ng Department of Health Care Services sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx> para sa impormasyong tungkol sa Medi-Cal.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

ADVANCE DIRECTIVE

Ano Ang Advance Directive?

Mayroong kang karapatan sa isang advance directive. Ang advance directive ay isang nakasulat na instruksyon tungkol sa pangangalaga ng kalusugan na kinikilala ng batas ng California. Kasama dito ang impormasyon ng mga estado sa kung paano maibibigay ang pangangalaga o pinahahayag nito ang mga desisyon na gusto mong maisagawa, kung at kapag hindi ka na makapagsalita para sa iyong sarili. Kung minsan, maaari mong marinig na inilalarawan ang advance directive bilang living will o durable power of attorney.

Inilalarawan ng batas ng California ang advanced directive bilang pasalita o nakasulat na tagubilin sa pangangalaga ng kalusugan o isang power of attorney (isang nakasulat na dokumento na nagbibigay ng permiso sa isang tao na gumawa ng desisyon para sa iyo). Lahat ng mental health plan ay kinakailangan na magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran ng mental health plan sa advance directive at ang paliwanag ng batas ng estado, kung hiniling ang impormasyon. Kung gusto mong humiling ng impormasyon, dapat kang tumawag sa iyong mental health plan para sa higit pang impormasyon.

Dinisenyo ang advance directive para magkaroon ng kontrol ang mga tao sa sarili nilang paggamot, lalo na kapag hindi na sila makapagbigay ng mga tagubilin tungkol sa sarili nilang pangangalaga. Isa itong legal na dokumento na nagbibigay-daan sa mga tao na sabihin, nang patiuna, ang kanilang mga kagustuhan, kung hindi na sila makagawa ng mga pagpapasya tungkol sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay na gaya ng karapatang tumanggap o tumanggi ng paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang pagpipili sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, may dalawang bahagi ang advance directive:

- Ang pagtatalaga mo ng isang ahente (isang tao) na gagawa ng desisyon tungkol sa iyong pangangalaga ng kalusugan; at



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Ang indibidwal na mga instruksyon mo sapangangalaga ng kalusugan.

Maaari kang makakuha ng form ng advance directive mula sa iyong mental health plano o sa online. Sa California, mayroon kang karapatan na magbigay ng instruksyon ng advance directive sa lahat ng iyong mga provider ng pangangalaga ng kalusugan. Mayroon ka ring karapatan na palitan o kanselahin ang iyong advance directive anumang oras.

Kung may tanong ka tungkol sa batas ng California may kinalaman sa mga kahilingan ng advance directive, maaaring magpadala ng sulat sa:

California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit,
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

KARAPATAN AT MGA RESPONSABILIDAD NG MGA BENEPISYARYO

Ano Ang Aking Mga Karapatan Bilang Tagatanggap Ng Mga Serbisyo Ng Medi-Cal Organized Delivery System?

Bilang isang tao na karapatdapat para sa Medi-Cal nakatgira sa county ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, mayroon kang karapatan na makatanggap ng mga kinakailangan na serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Mayroon kang karapatan sa:

- Tratuhan ng may respeto, pagbigay ng konsiderasyon sa iyong karapatan sa pribasiya at ang pangangailangan para mapanatili ang pagiging kumpidensyal para sa iyong impormasyong medikal.
- Tumanggap ng impormasyon sa mga opsyon ng paggamot at alternatibo, na piniresenta sa paraang angkop sa kondisyon ng Benepisyaryo ang kanyang kakayahan na unawain.
- Makilahok sa mga desisyon tungkol sa pangangalaga ng iyong sakit sa paggamit, kasama ang pagtangga sa paggamot.
- Tumanggap ng mga nasa oras na pangangalaga, kasama ang serbisyo 24 oras bawat araw, 7 araw sa isang linggo, kapag ito ay siyang pangangailangang medikal para gamutin ang isang kondisyon ng emerhensiya o isang urgent o kondisyon ng krisis.
- Tumanggap ng impormasyon sa handbook na ito tungkol sa serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder na sakop ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county, ibang mga obligasyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county, at ang iyong mga karapatan ay ipinapahayag dito.
- Pagkakaroon ng kumpidensyal na impormasyon ng kalusugan na protektado.
- Humiling at tumanggap ng kopya ng iyong medikal rekord, at humiling sila ay amyendahan o itama kung kinakailangan.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Tumanggap ng mga materyal sa alternatibong pormat (kasama ang Braille, malalaking letera at audio) kapag hiniling at isa isang napapanahon na angkop para sa pormat na hinihiling.
- Tumanggap ng mga materyales sa mga wika na ginagamang ng hindi kukulang sa limang porsiyento o 3,000 ng mga Benepisyaryo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county kung alin man ang mga kaunti.
- Tumanggap ng serbisyo ng pagsalin o interpretasyon sa iyong piniling wika.
- Tumanggap ng serbisyo ng paggamot para sa substance use disorder mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county na sumusunod sa mga tagubilin ng kanilang kontrata sa Estado at sa mga lugar kung saan may serbisyo, garantiya ng sapat na kakayahan at serbisyo, koordinasyon at patuloy ng pangangalaga, at pagsakop ng mga awtorisadong serbisyo.
- Access Minor Consent Services, kung ikaw ay Benepisyaryo na wala pang 21 taon.
- Pag access sa mga serbisyong medikal sa labas ng network sa paraang na sa oras, kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ay walang empleyado o kinontratang provider na maghahatid ng serbisyo. “Taga-labas ng network na provider” ay nangangahulugan na ang isang provider na wala sa listahan ng provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Dapat siguraduhin ng county na hindi ka magbayad ng extra sa pagpunta sa taga-labas ng network na provider. Maaari mong kontakin ang mga serbisyo ng benepisyaryo nang libre sa Access Line ng San Francisco Behavioral Health sa: 1-888-246-3333 (TTY: 711) para sa impormasyon kung paano makakatanggap ng mga serbisyo mula sa taga-labas na ng network na provider.
- Humling ng pangalawang opinion mula sa isang kwalipikadong propesyonal ng pangangalaga ng kalusugan, ng walang dagdag na bayad.
- Maghain ng reklamo, pasabi o pasulat, tungkol sa organisasyon o pangangalagang natanggap.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Humiling ng apela, pasabi o pasulat, kapag natanggap ang Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo, kasama ang impormasyon tungkol sa mga pangyayari kung saan ang siang pinabilis na apela ay posible.
- Maging malaya mula sa anumang porma ng pagpigil o paghiwalay na ginagamit bilang paraan ng pagpwera, disiplina, kaginhawaan o paghihigante.
- Humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, kasama ang impormasyon sa mga sitwasyon kung saan possible ang pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Maging malaya mula sa diskriminasyon para gamitin itong mga karapatan ng walang masamang epekto sa kung paaano ka tinatrato ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, mga provider, o ng Estado.

Ano Ang Mga Responsabilidad Ko Bilang Tagatanggap Ng Mga Serbisyo Ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county?

Bilang tagatanggap ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county, iyong responsabilidad na:

- Basahing mabuti ang mga materyales na nagbibigay impormasyon sa Benepisyaryo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System county. Itong mga materyales na makakatulong sa iyo na maintindihan kung aling serbisyo ang mayroon at kung paano makakuha ng serbisyonang iyong kailangang.
- Pumunta sa paggamot nan aka-iskedyul. Makakamit ang pinakamahusay na resulta kung makipagugnayan sa iyong provider sa kabuuan ng paggamot. Kung kailan ang ipagpaliban ang appointment, tawagan ang iyong provider 24 oras bago ang iskedyul at muling magpa-iskedyul para sa ibang oras at araw.
- Laging dalhin ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) at isang ID na may litrato kapag pupuna sa paggamot.
- Ipaalam sa iyong provider kung kailangan ng interpreter bago ang appointment.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

- Sabihin sa iyong provider nang lahat ng iyong mga inaalalang pang medikal. Mas kumpletong impormasyon na iyong ipapabahaig tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas matagumpay ang paggamot.
- Seguraduhin na tanungin ang provider ng anumang mga tanong. Mahalaga na naintindihan mong mabuti ang impormasyon na iyong natatanggap habang na sa paggamot.
- Maging bukal ang kalooban sa pagbo ng matatag na pakikipagugnayan sa gumagamot na provider.
- Kontakin ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county kung mayroong mga katanungan tungkol sa mga serbisyo o kung mayroong mga problema sa iyong provider na hindi mo nalutas.
- Sabihan ang iyong provider at ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county kung may mga pagbabago sa iyong impormasyong medikal na makakaapekto sa iyong kakayahan na sumali sa paggamot.
- Tratuhan ang tauhan na nagbibigay ng paggamot na may respeto at paggalang.
- Kung naghihinala ka ng isang pandaraya o mga maling gawain, ireport ito:
 - Ang San Francisco Department of Public Health ay may Privacy Compliance Hotline para maireport ang panloloko sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, 24 na oras kada araw, 365 araw kada taon, sa **855-729-6040**.
 - Puwede ring ireport ang mga alalahanin sa pamamagitan ng pag-email sa compliance.privacy@sfdph.org.
 - Hinihiling ng Department of Health Care Services sa sinumang naghihinala ng panloloko sa Medi-Cal, pag-aaksaya, o pang-aabuso na tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa tingin mo ay emergency ito, tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at mananatiling hindi nakikilala ang tumawag.
 - Maaari ring ireport ang hinihinalang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan ng pag-email sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang form na nasa online sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online <https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>. Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

KAHILINGAN SA TRANSISYON NG PANGANGALAGA

Kailan ko maaaring hilingin na ipanatili ang dati at kasalukuyang taga-labas na network na provider?

- Pagkatapos sumali sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county, maaari kang humiling na panatilihin ang taga-labas na network ng provider para sa isang takdang panahon kung:
 - Ang paglipat sa ibang provider ay maaaring magresulta sa isang malubhang pinsala sa iyong kalusugan o madadagdagan ang panganib sa pagkaka-ospital o mailagayka sa institusyon; at
 - Tumatanggap ka ng paggamot mula sa taga-labas na provider bago ang petsa ng Pagbabago sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.

Paano Ako Makakahiling Na Mapanatili Ang Aking Taga-Labas Na Network ng Provider?

- Ikaw, at ang iyong mga awtorisadong mga kinatawan, o ang iyong kasalukuyang provider, ay maaaring magsumite ng hiling na sulat sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county. Maaari mo ring kontakin ang serbisyo ng benepisyaryo sa 1-888-246-3333 (TTY:711) para sa impormasyon kung paano humiling ng nga serbisyo mula sa provider sa labas ng network.
- Papadalhan na ng sulat ng pagtanggap ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county kapag natanggap ang iyong hiling at sisimulan ang proseso sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo.

Paano Kung Magpatuloy Akong Magpatingin Sa Provider Sa Labas Ng Network Pagkatapos Lumipat Sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county?

- Maaari kang humiling ng retroactive na transisyon ng pangangalaga sa loob ng tatlong (30) araw sa kalendaryo mula sa pagtanggap ng serbisyo mula sa provider sa labas ng network.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Bakit maaaring tanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang hiling sa Pagbabago ng pangangalaga?

- Maaaring tanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System county ang iyong hiling para mapanatili ang dati, at ang kasalukuyang provider sa labas ng network, kung:
 - Naitala ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ang kalidad ng mga isyu ng pangangalaga sa provider.

Ano Ang Mangyayari Kung Ang Hiling Sa Pagbabago Ng Pangangalaga Ay Tanggihan?

- Kung tinanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ang iyong transisyon ng pangangalaga:
 - Aabisuhin ka sa pamamagitan ng sulat;
 - Aalukin ka ng higit sa isang alternatibong provider na taga network na nag-aalok ng parehong antas ng serbisyo gaya ng provider sa labas ng network; at
 - Ipapaalam ang iyo ang karapatan ng paghahain ng reklamo kung hindi ka sang-ayon sa pagtangga.
- Kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ay nag-alok sa iyo ng maraming alternatibong provider sa loob ng network at hindi mo kailangang pumili, pagkatapos nito ay ire-refere ka ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county o itatalaga ka sa isang provider sa loob ng network at aabisuhan ka na ang referral na iyon sa pagsulat. Kung ang provider sa labas ng pangangalaga ay tumanggi na tanggapin ang halaga ng kontrata sa county ng DMC-ODS o ang halaga ng DMC ay angkop para sa mga serbisyo ng DMC-ODS o kung ang provider sa labas ng pangangalaga ay hindi kasalukuyang sertipikadong provider ng DMC.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.

Ano Ang Mangyayari Kung ang Aking Hiling Sa Transisyon Ng Pangangalaga Ay Inaprubahan?

- Sa loob ng (7) araw ng pag-sangayon ng iyong hiling ng transisyon ng pangangalaga, bibigyan ka ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ng:
 - Pagsang-ayon sa hiling;
 - Tagal ng pagkakaayos ng transisyon ng pangangalaga;
 - Ang proseso na mangyayari para sa paglipat ng iyong pangangalaga sa katapusan ng pagpapatuloy ng panahon ng pangangalaga; at
 - Ang iyong karapatan para makapili ng ibang provider mula sa network ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county sa anumang oras.

Gaano Kabilis Ang Proseso Ng Hiling Sa Pagbabago Ng Pangangalaga?

- Tatapusin ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county ang pagrepaso ng iyong hiling sa pagbabago ng pangangalaga sa loob ng (30) araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pagtanggap ng hiling ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.

Ano ang mangyayari sa katapusan ng panahon ng transisyon ng pangangalaga?

- Susulatan ka ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county, tatlumpung (30) araw bago ang katapusan ng panahon ng transisyon ng pangangalaga tungkol sa proseso ng magaganap sa transisyon sa iyong pangangalaga sa isang provider sa loob ng network sa katapusan ng panahon ng transisyon ng pangangalaga.



Tawagan ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System county nang libre sa 1-888-246-3333 o bumisita sa online

<https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp>.

Available ito 24 na oras/7 oras kada linggo.